Tomo XXXVI Blg. 5

Setyembre - Oktubre 2012

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila





Matanglawin
PAMUNUAN 2012 - 2013

Iman Tagudina, Eliza Sallao, Rhea Leorag, Jeah Dominguez, Natassia Austria, Chelsea Galvez
Kayle Salcedo, Noel Clemente, Alfie Pena, Benjhoe Empedrado

Matanglawin
Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral
ng Pamantasang Ateneo de Manila

Robert Alfie S. Peña, BS ECE '13
Punong Patnugot

Ma. Eliza Gail D. Sallao, BS Bio '14
Katuwang na Patnugot

Exequiel Francesco C. Salcedo, AB PoS-MPM '14
Nangangasiwang Patnugot

Maria Emanuelle Tagudiña, AB Comm '14
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

Chelsea Kate P. Galvez, BS MIS '14
Patnugot ng Sining

Benjhoe C. Empedrado, BS LfSci '14
Patnugot ng Lapatan

Natassia Marie N. Austria, AB PoS '14
Tagapamahala ng Pandayan

Jeah Maureen P. Dominguez, BS LM '14
Tagapamahala ng Pananalastas
Patnugot ng Web-Teknikal

Noel L. Clemente, BSM AMF '14
Ingat-Yaman
Patnugot ng Web-Nilalaman

Jennicka Rhea N. Leorag, BS ME '15
Pangkalahatang Kalihim
Patnugot ng Web-Nilalaman

SULATIN
Mga Katuwang na Patnugot: Pristine de Leon, Kevin Solis

Xavier Alvaran, Ria Arante, Benise Balaoing, Paolo Bañadera, Fred Cruz, Majella Delfin, Toph Doncillo, Alex Dungca, Aby Esteban, Virna Guaño, Allison Lagarde, Raphael Limiac, Johnet Lopez, Francis Manuel, Kevin Marquez, Leslie Mendoza, Wel Mendoza, Kevin Nera, Den Noble, JC Peralta, Reizle Platitas, Ray Santiago, Charlene Tolentino, Erson Villangca

SINING
Katuwang na Patnugot: Dyan Francisco

Jeffrey Agustin, Marie Aquino, Precious Baltazar, Arielle Bonifacio, Larz Diaz, Ingrid Espinosa, Monica Esquivel, Iza Jonota, Deo Macahig, Leo Marcelo, Mau Naguit, Kimberly Pe-Aguirre, Precious Baltazar, Jessica Rey, Loree Reyes, Gica Tam, Jeruscha Villanueva, Carol Yu

LAPATAN
Katuwang na Patnugot: Melvin Macapinlac

Tina Barayoga, Athena Batanes, Lance Bitong, Jami Cudala, Rizza Detosil, Alfonso Joson, Reg Onglao, Bambi San Pedro, Eldridge Tan

WEB
JR Ang, Donald Bertulfo, Niron Concepcion, Andrew Gallardo, Alex Medina, Marvin Lagonera

PANDAYAN
Mga Katuwang na Tagapamahala: Chin-Chin Santiago, Micha Aldea

Pauline Carillo, Alecs Chu, Nicole Combate, Dawn Corpuz, Rizza de Jesus, Dominic Enriquez, Mox Erni, Mau Erni, Jasmin Fernandez, Sei Kawamoto, Jessica Lim, Joanne Manalo, Joyfie Medina, JP Murao, Vera Pinera, Alicia Ragos, Jeanica Zabala

PANANALASTAS
Mayo Floro, Marcel Villanueva, Reese Villote

LUPON NG MGA TAGAPAYO

Anne Lan Kagahastian-Candelaria, Ph.D.
Kagawaran ng Agham Politikal

Mark Benedict F. Lim
Kagawaran ng Filipino

Benjamin T. Tolosa, Jr., Ph.D.
Kagawaran ng Agham Politikal
Tagapamagitan

MULA SA PATNUGUTAN

Balitaktakan

Maingay: patuloy ang paglipad ng mga akusasyon mula sa magkabilang kampo, patuloy ang palakasan at pataasan ng boses upang masapawan ang kalaban. Ganito ang eksena ng debate sa ating bayan, kung saan mas magaling para sa nakararami ang taong mas magaling ang pang-iinsulto, o kaya naman mas may karisma sa taumbayan. Dinaraan sa popularidad at ganda ng islogan ang mahahalagang isyu kung kaya't walang solusyon na lumalabas, ilang buwan, taon, dekada man ang lumipas.

Kamakailan lamang ay nanawagan si Padre Villarin, sa kaniyang memo noong ika-20 ng Agosto, na lumahok ang buong komunidad sa diskurso, matapos magdeklara ng suporta ang 192 propesor ng pamantasan sa RH Bill at ang pag-init muli ng isyu tungkol sa panukalang batas matapos magdaos ng mga protesta para at laban dito. Matiwasay ang pamamaraan ng pag-imbita sa pagbalangkas ng isang kompromiso sa pagitan ng dalawang kampo. Salungat ito sa pagdusta sa katwiran at sa mismong institusyong kinabibilangan ng isang panig, at pagbabanta naman ng isa pa ng ekskomulgasyon ng sinumang maghahayag ng kaniyang suporta sa RH Bill.

Nakasanayan na na pang-'worst case scenario' lamang ang diskurso sa pagresolba ng anumang di-pagkakaunawaan. Maraming isyu sana ang nabigyan ng solusyon, naipinid at nasimulan ang paghilom kung payapang pag-uusap at paghahanap ng kompromiso ang pangunahing pagkilos.

Unang-una na rito ang RH Bill na ilang taon nang hindi maipasa-pasa sa Kamara—kung saan bawat taktika ay isinasagawa upang mapigilan o maipasa ang panukalang batas, mula sa mga atakeng ad hominem hanggang sa bangayan sa harap ng media at paglalabas ng napakaraming press release upang maungusan ang kabilang kampo. Walang pagbibida sa media ng konsultasyon, ng diyalogo ni pag-uusap upang marating ang isang kompromiso na ikabubuti ng maraming ina, ng kanilang mga sanggol at kanilang kinabukasan. Saan na nga ba ang RH Bill ngayon? Nakabinbin pa rin at natatabunan na ng ingay ng eleksiyon.

Sa kasagsagan ng sunod-sunod na bagyo nitong nakaraang mga buwan, isa sa mga ikinadismaya ng mga Atenista ang kawalan (o pagiging huli) ng anunsiyo tungkol sa suspensiyon ng klase, at makikita sa napakaraming social media sites ang iilang tumuligsa at umatake sa administrasyon at mga polisiya nito tungkol sa ganitong mga kaso. Bilang lamang mula sa mga mag-aaral ang mahinahong humingi ng isang diyalogo ukol sa proseso ng pagdedesisyon ng administrasyon, at kung paano pa ito mapabubuti upang maiwasan na ang ganitong mga pangyayari.

Nakakapanibago, nakagugulat pa minsan ang konsepto ng diskurso. Mahirap nga ba talagang umupo, huminga nang malalim, at mahinahong simulan ang isang diyalogo? Bakit kailangang laging may bahid ng galit ang diskurso? Hindi kinakailangang nasa magkabilang-dulo lagi ang tagpo sa diskurso, kung saan inaasahan silang magkasakitan. Hindi lahat ng diyalogo ay isang giyera na kailangang ipanalo, gaano karami man ang buhay na nakasalalay. Hindi rin lamang dalawa ang panig sa bawat istorya, at hindi pagpili ng iisa lamang upang magwagi ang ninanais ng diskurso kundi ang iyong pandinig, pang-unawa at katwiran. Handa ka bang ibigay ito? M



TUNGKOL SA PABALAT

sining ni Larz Diaz

Dyip ang simbolo ng pampublikong transportasyon sa Filipinas.

Dyip ang pangunahing sasakyan ng masang Pilipino. Sa kasalukuyang krisis sa transportasyon, nagkakaroon ng dalawang malaking problema. Nasusunog ang pera ng tsuper dahil sa pagtaas ng presyo ng gasolina. Nasusunog ang pera ng mga mananakay sa pagtaas ng pamasahe. Sa mga sunog na ito, ang sinisisi ay langis na lalo pang nagpapalaki ng apoy.

TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN



TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan—katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan—kabilang na ang kritisismo—ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat sa pagsipi ng nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha. Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa pahayagan at nilalaman nito. Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa 426-6001 lokal 5449 o sumulat sa patnugutan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (Blg. 201–202), Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership, Mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108. Maaari ding bumisita sa www.matanglawin.net o magpadala ng email sa pamunuan@matanglawin.net.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).



NILALAMAN

TOMO 36, BLG. 5 | 2011-2012

8 **TAMPOK NA ISTORYA**
Pagtuwid at Pagtawid sa Malubak na Daan
Patuloy na krisis sa sistema ng transportasyon sa Filipinas

13 **PITIK-PUTAK**
Pera o Pangarap
Suliranin ng career mismatch: karera o kaganapan ng pagkatao?

16 **SIGAW NG BAYAN**
Matrikulang Nagmamataas
Muling pagtataas ng matrikula, pagsulong ba sa de-kalidad ng edukasyon?

19 **PULSONG ATENISTA**
Trapiko Ateneo
Pagbabago sa kultura ng trapiko sa Katipunan

22 **TALIM NG BALINTATAW**
kuha ni Ingrid Espinosa, titik ni Noel Clemente

24 **SIGAW NG BAYAN**
Nang Mag-wangwang ang Daang Matuwid sa Batasan
Ang Kamara, Korte Suprema at ang bako-bakong daan tungo sa pagpapatalsik kay Corona

29 **KILATISTA**
Pagpaparangya ng Hari ng Kalsada
Jeepney art at ang kaniyang pagpasada sa bagong henerasyon

35 **MATA SA MATA**
Sa Pamamahayag na Malaya at Nagpapalaya
Kredo ng pagkamulat at pagmumulat ni Glenda Gloria

32 **PULSONG ATENISTA**
Gipit sa Pondo, Gipit sa Pagbuo?
Ang papel ng Student Activities Fund sa buhay-organisasyon

37 **SIGAW NG BAYAN**
Task Force Anti-APECO
Progresong isinusulong ng APECO, para kanino?

39 **MATA SA MATA**
Teatro at Tisa
Doble-karang buhay ni Jethro Tenorio sa entablado at silid-aralan

41 **DUGONG BUGHAW**
Atenistang Aktibista
ni Gio Alejo

43 **BAGWIS**
Iza Jonota at Manuel Mendoza; Ray John Santiago; Steve Kevin Solis



OPINYON

Eskaripikasyon

Robert Alfie S. Peña
punongpatnugot@matanglawin.net

Nuisance

Sintomatiko lamang ang sitwasyon ng pagkakaroon ng nuisance candidates ng di-patas na pagtingin ng ating mga estrukturang panlipunan sa mga ordinaryong mamamayan.

Panahon na naman ng eleksiyon. At katulad ng marami nang nagdaang eleksiyon sa Filipinas, tila nagiging piyesta na naman ang eksena: sarisari ang mga kulay ng mga kumakandidato at kaliwa't kanan ang mga tarpaulin kung saan nakaimprenta ang mukha nila. Kung sa bagay, kahit hindi naman eleksiyon ay nakalambitin pa rin ang mga tarpaulin nila. Mapapaisip ka tuloy kung ganoon ba talaga katalas ang memorya ng mga kandidato dahil tila lahat na lamang ng okasyon ay may pagbati sila. 'Yong plataporma kaya nila noong nakaraang eleksiyon, naaalala pa nila?

At dahil pa rin sa mga mukha ng mga politiko, mapapaisip ka ulit: Kailan ba talaga nagsisimula at nagtatapos ang panahon ng eleksiyon sa Filipinas? O meron nga bang simula at tapos? Bakit ba kasi laging nariyan ang mga mukha nina mayor at governor? Sa telebisyon naman, nariyan na rin ang makukulay pa ring mga patalastas ng mga nag-aambisyong maging senador ng republika. May ilang pinaghandaan nang husto ang pangalang magiging pagkakakilanlan nila.

Tapos na ang deliberasyon ng COMELEC sa mga kandidato sa pagkasenador kaya naman may idea na ang ilan sa kung sino ang iboboto nila. Naging laman ng balita ang naging deliberasyon dahil sa kasamaang palad, hindi lahat ng nag-aambisyong maging senador ay pinayagang maging opisyal na kandidato. Sino nga ba itong mga tinanggalan ng pagkakataong magsilbi sa publiko? Isa ang tawag sa kanila: nuisance. May dalawang pakahulugan ang Merriam-Webster Online para sa salitang Ingles na nuisance. Ang una ay kasingkahulugan ng mga salitang pinsala at pahamak. Ang ikalawa naman ay, sa aking pagsasalin, "isang nakakainis, di-maganda at nakasasama: peste." Tama nga si James Jimenez, tagapagsalita ng COMELEC sa pagsasabing nakaiinsulto at masakit matawag na 'nuisance,' ngunit tila malayo pa ang panahong mababago ang tawag sa mga nuisance candidates. Isang salitang naiisip niyang ipalit ay 'outlier.' Kung titingnan kasi, mismong ang batas ang tumatawag sa mga nuisance candidates na 'nuisance.'

Isang programa sa telebisyon ang napanood ko tungkol sa mga nuisance candidates. Maiintindihan ko kung matatawa ang marami sa kanila. Mayroong nagsabi na asawa niya sa Kris Aquino. Maging si Victor Wood ay nadiskuwalipika. Isa naman ang nagsabi na minana niya ang buong arkipelago ng Filipinas mula sa kaniyang mga ninuno. May isa pang pagkatapos magpasa ng kaniyang kandidatura ay nag-alok ng kasal sa isa sa mga reporter. Dahil sa kanilang mga sinasabi at ginagawa, marami ang agad ipagkikibit-balikat na lamang ang mga nuisance candidates. Marami ang matatawa.

Mabuti sigurong balikan kung bakit sila tinawag na nuisance—dahil hindi sila dapat seryosohin. Ngunit kung may naipakita mang bago ang pinanood kong programa, ito ay ang aspekto ng tunay na buhay ng mga nuisance candidates na nangarap tumakbo sa pagkasenador. Marami sa kanila ang ordinaryong tao na talagang naniniwalang kaya nilang magsilbi sa publiko. Pinagtatawanan sila, pero sino nga ba ang may lakas ng loob na gaya nila?

Sintomatiko lamang ang sitwasyon ng pagkakaroon ng nuisance candidates ng di-patas na pagtingin ng ating mga estrukturang panlipunan sa mga ordinaryong mamamayan. Dahil ang tinitingala ay ang nasa poder. Dahil ang may karapatan lamang tumakbo sa mga posisyon sa gobyerno ay iyong may kakayahang maglunsad ng kampanya, ibig sabihin, iyong may pera. May kampanya ka lamang kung meron kang pang-imprenta ng tarpaulin para sa iyong mukha. Ang maaari lamang humawak ng kapangyarihan ay iyong hindi makikita bilang peste. Kailan kaya uunlad ang ating mga estrukturang politikal? Kailan kaya mabibigyan ng patas na trato ang mga mamamayang naghahangad ng pagbabago na ang tanging nakikitang paraan ay sila mismo ang tumakbo sa posisyon. Sa huli, bumalik tayo sa mahalang tanong. Sino nga ba ang nuisance?



Hagayhay ng Pagkamulat

Ma. Eliza Gail Sallao
katuwang@matanglawin.net

Tatakbo't tataya

Panahon na naman ng takbuhan.

Bihirang makatagpo ng taong tumatakbo para sa kapakanan lamang ng mismong pagtakbo—na walang tinatakasan, walang patutunguhan, wala lang, wala. Kung may magsabi mang tumatakbo siya dahil gusto niya lamang tumakbo, imposible siguro ito dahil may nagtutulak sa kaniya upang isakatuparan ang bawat galaw.

May paroroonan at nais makamtan ang unang uri ng pagtakbo: mithiin, posisyon, estado ng buhay na, depende pa sa tindi ng pagnanasa'y minsan, humahantong sa puntong may iilang kayang isakripisyo ang lahat—dangal, integridad, katapatan, ang kaniyang mga prinsipyo at paniniwala—makamit lamang ito.

Hindi na natin kailangang tumingin pa sa malayo upang masaksihang sa sarili nating bakod, napakaraming mahuhusay na halimbawa. Sa pagpili pa lamang ng ihahalal nating pinuno sa pamahalaan, mula artista-turned-politiko hanggang sa mga balimbing, lahat ay gagawin para lamang sa pagkapanalo, para sa kapangyarihan.

Hanggang nananatili ang ganitong kalakaran, walang mangyayari. Kung titigil ka sa pakikibaka, paano na iyong nasa laylayan ng lipunan? Kapatid na Atenista, titigil ka na lamang ba sa pagtataya?

Mayroon din namang pagtakbong may nais takasan—isang pag-iwas sa anumang klase ng pagharap sa isyu o usaping dapat matugunan. Lalayo ka pa ba, kung sa kapitbahay na subdivision pa lamang ng ating sariling pamantasan, matatagpuan mo na ang Public Enemy No. 1 ng kasalukuyang administrasyon? Bagong piyansa at suspendido pa ang pagdinig sa mga kasong isinampa sa kaniya.

May sariling pagtakbo rin ang karamihan sa atin, bilang mga mag-aaral sa kolehiyong naghahanda sa kani-kaniyang karera sa buhay sa labas ng akademya (o pagpapatuloy pa rito). Ngunit paminsan-minsan, sa tindi ng ating pagnanais na makamit ito, nagiging makitid ang ating pananaw at hindi napapansin (o hindi pinapansin) ang mga bagay na dapat pagtuunan—ang mga isyu ng marhinalisado—maliliit, ngunit higit na nakararami sa atin. Bakit nga ba ganito ang nakasanayan sa atin? Hindi rin naman ito ang unang beses na pinaratangan ang Atenista bilang tangi lamang niyang pinahahalagaha'y ikabubuti ng kaniyang sariling katayuan. Depensa ng ilan, desmayado lamang ang karamihan sa atin dahil walang nangyayari kahit anuman ang aksiyong ating tahakin o sigaw na ibandila.

Ganoon din ang ordinaryong Filipino, napagod na dahil hindi naririnig o di kaya'y sadyang hindi pinakikinggan. Kaya siguro marami ang patuloy na tumatakbo—dahil mas madaling tumakbo patungo sa katuparan ng sariling nais, mas madaling tumakbo palayo sa mga paghihirap at magpanggap na maayos ang lahat.

Ngunit sa patuloy mong pagtakbo, marami kang nalalampasan, marami kang nakaliligtaan. Nawawalan ka ng panahong damhin ang simoy ng hangin, nawawala ang pagtataya, tumitigil ka sa pakikibaka. Hanggang nananatili ang ganitong kalakaran, walang mangyayari. Kung titigil ka sa pakikibaka, paano na iyong nasa laylayan ng lipunan?

Kapatid na Atenista, titigil ka na lamang ba sa pagtataya?

Mabilis ang panahon: magtatapos na ang karamihan sa aking mga kasabayan sa batch, kaya unti-unti na silang nagiging balisa para umabot sa Marso. Sandali na lamang Blue Roast na, at bukas, mamartsa na sa huling pagkakataon. Sa gitna ng lahat ng ito, pagnilayan sana: "Bakit nga ba ako tumatakbo? Saan ko nais magtungo? Tatakbuhan ko na lamang ba ang kalupitang aking nakikita? May saysay pa nga ba ang aking pagtakbo?"

Hindi pa huli ang lahat upang ipagpatuloy ang pagtataya, dahil ang pagtataya'y isang uri rin ng pagtakbo na siyang makatutulong sa pagsasaganap mo bilang isang nilalang. Dahil ang pagtataya ay pagmamahal.

Hindi natin alam, baka sa pagtigil mo sa iyong pagtakbo tungo sa iyong dream job ay makahanap ka ng pag-ibig (at manatili sa presensiya nito). Ika nga ni Padre Pedro Arrupe, SJ, itong pagmamahal na ito ang siyang magpapasiya ng lahat.



SALITANG KALYE

Exequiel Francesco Salcedo
nangangasiwa@matanglawin.net

Klase (Nang Alas Otso y) Medya

Sa halip na panibaguhin ng ating pag-iisip, ng ating ideolohiya ang kasalukuyang sistema, tila kabaligtaran yata ang kinalalabasan. Ang sistema ang siyang bumabaluktot sa pag-iisip, bumibihag sa mga idea at pumapatay sa diwang repormista.

Alas-sais ng umaga ako mag-set ng alarm. Bago matulog, sinisiguro kong nasa tabi ng tainga ko ang cellphone sa pag-asang magigising ako sa tuliling nito. Sa araw-araw na ginawa ng Diyos, naroon at naroon ang pag-aatubiling bumangon at maging kapaki-pakinabang.

Subalit hindi naman ako nag-aatubiling magdasal bago matulog sa gabi upang magpasalamat para sa ligtas na araw na ibiniyaya sa akin ng Diyos, kahit na madalas akong nadarapa o di kaya'y nadudulas sa mga bangketa ng Katipunan bunsod ng "pulo-pulong pag-ulan sa Kalakhang Maynila." Tuwing naglalakad ako, mahigpit ang kapit ko sa cellphone at iPod ko dahil kung hindi man ako madukutan, maaari itong mahulog sa mga butas na kanal na bigla-bigla na lamang hinihukay tuwing papalapit na ang halalan. Tuwing sumasakay ako ng traysikel, panay ang kawit ng naaagnas na bakal nito sa jacket kong puti.Tila laging kalbaryo naman para sa anumang nasa pagitan ng mga hita ng mga lalaking uupo ang pagsakay sa mga humaharurot na jeep. Hindi ba't mas nanaisin mong manatili na lamang sa iyong kama at mag-laptop?

Subalit sabi nga sa akin ng nanay ko, sa mga pagkakataong nakararanas ako ng kamalasan o pagsubok, higit na marami ang nakararanas ng mas masaklap. Araw-araw akong nagrereklamo kung gaano kabagal ang Internet; at bigla ko namang maririnig ang boses niya, "'Yong iba nga walang koryente, walang laptop, walang Internet, walang pag-aaral, walang magulang. Ikaw, pagpe-Facebook lang ikinababanas mo." Kay liit na bagay lang ng inireklamo ko, at nakaliligtaan kong tila nagpatong-patong na ang lahat ng dapat na ipagpasalamat.

Sino ba ang may gustong maghirap? Kung mayroon man akong kinalaman doon, mayroon din naman akong sariling buhay. Lumaki akong mayroon na ng kung ano mang mayroon ako. Natural na para sa akin ang gumising, pumasok, magbasa (nang kaunti), gumimik (nang kaunti) at magpuyat sa harap ng laptop. Ang mga ito ang makapagbibigay sa akin ng A, ng "laude," ng master's degree, at maging ng titulong CEO. Malay natin, pati pagkapangulo pa. Oo nga pala, Atenista ako. Malaki ang inaasahan sa akin ng lipunan at ng pamilya ko!

Nais ko mang magkaroon ng pagbabago, sa murang edad ko, mukhang mahirap at malabo. Napalitan na ng kadalubhasaan ang Espiritu Santo upang magbigay-lakas sa paninindigan ng tao. Ito ang nananaig na kaisipan ngayon ng makabagong kabataan, ang mga propesyonal ng hinaharap.

Makasarili. Sinikal. Pesimista. Ito na ang makabagong praktikal. Unti-unti nang nabubura ang idealismo at pangangarap ng bagong henerasyon. Sa halip na panibaguhin ng ating pag-iisip, ng ating ideolohiya ang kasalukuyang sistema, tila kabaligtaran yata ang kinalalabasan. Ang sistema ang siyang bumabaluktot sa pag-iisip, bumibihag sa mga idea at pumapatay sa diwang repormista. Kailangan daw makibagay at makisabay dahil mahirap na ring mapag-iwanan. Nakikipagsabayan tayo sa anod ng kung ano, natatatangay at hindi malayong malunod, para lamang makaahon muli. Inilulubog natin ang ating kapuwa, batid man natin o hindi.

Taliwas ito sa ating likas na pagiging tao. Hindi ko alam kung ano ang tiyak na likas na kalagayan ng tao noong una pa man subalit nakatitiyak akong kinailangan niyang bumuo at makibahagi sa isang lipunan, sa pamamagitan ng pakikipagkapuwa. Filipino pa man din tayo, lahing labis na palakaibigan at bukas. Iyon man lamang sana ay mapanindigan.


Kaya naman sa paghiga kong muli sa kama upang magpahinga, sinusubukan kong pag--isipang muli at ibahin ang pananaw sa pakikipagsapalaran ko sa araw na iyon. Marahil nadudulas ako dahil hindi ko magawang ibalanse ang paglingon sa aking nilalakaran at nais kong patunguhan. Subalit paano naman iyong iba? Silang iba sa akin? Silang iba sa atin?

Tupang Ina


Atenista! Ano na ang naitulong mo ukol sa mining sa Palawan? O alam mo bang may nagaganap na ganito?!


Petition?! What petition?
Isn't mining like good? You get raw materials daw for our dangling earrings!
Guys! Make pirma-pirma the petition na!
NO TO MINING! Petitions
I just made pirma to the petition kanina. I am so helpful!


Like OMG! I'm so helpful to the kalikasan! I'll make sign the petition na!
plastic
plastic


Pare, mining ka ba? Panira ka kasi eh.



PAGTUWID AT PAGTAWID SA MALUBAK NA DAAN:

Pagkilala sa Krisis na Kinakaharap ng Sektor ng Pampublikong Transportasyon

Masasabi ba nating sa halip na magkasalungat ang relasyon sa pagitan ng pag-unlad at antas ng paglala ng problema ng trapiko, maaaring makita na tanda ng isang maunlad na bansa ang maayos na sistema ng transportasyon at ang isang maayos na sistema ng transportasyon ay magdudulot ng higit na kaunlaran para sa mga siyudad?

nina Paolo Bañadera, Donald Bertulfo,
Kross Nera at Rogerson Villangca
may ulat ni Iman Tagudiña
sining ni Aika Pangalan,
Reese Villote at Larz Diaz
lapat ni Benjhoe Empedrado

Sa unang kalahati ng taong 2012, naging matunog ang mga isyung may kinalaman sa sektor ng transportasyon sa bansa lalo na ang sistemang umiiral sa Kalakhang Maynila. Kabilang na rito ang ilang repormang nagawa, at planong ipinatupad ng pamahalaan upang maisaayos ang sistema ng transportasyon tulad ng pagkakaroon ng fixed wage system para sa mga tsuper ng bus, at ang panukalang pagtaas ng pamasahe sa Metro Rail Transit (MRT) at Light Rail Transit (LRT). Wala pa rito ang paglipat ng dating kalihim ng Department of Transportation and Communications (DOTC) na si Sec. Manuel "Mar" Roxas II patungo sa Department of Interior and Local Government (DILG) na dating hawak ng yumao nang si Sec. Jesse Robredo.

Sa gitna ng mga bali-balita, gaano nga ba kahalaga ang pakikisangkot ng mga mamamayan sa isyu ng transportasyon? Ano ang maaaring gawin ng mamamayanang Filipino para sa matiwasay na pagsasaayos ng mga problemang tayo rin mismo ang lumilikha at, di magtatagal, makararanas ng mga epekto?

Ano ba talaga ang mga nagiging sagabal sa pagkakaroon ng balanse sa pagitan ng antas ng trapiko at sa kaunlarang naidudulot ng maayos na sistema ng transportasyon? Maaari bang mabawasan ang antas ng trapiko sa mga lungsod ng hindi kinakailangang humantong sa malawakang kahirapan ng mga mamamayan? Ano nga ba ang magagawa ng gobyerno at ng mga mamamayan sa harap ng kumplikadong sitwasyong humaharap kay Juan dela Cruz?

TRAPIKONG BUHOL-BUHOL

Nitong Abril 2012, sa isang balitang nailathala ng CNNGo, ang online travel guide ng CNN, nasama sa listahan ng "Worst Cities for Driving," ang lungsod ng Maynila. Pumangatlo ito sa listahan na pinangunahan ng Beijing, China at New Delhi, India. Ayon sa balitang inilathala ng ABS-CBN kung saan iprinesenta ang estadistika, nabahala ang Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) sa balitang ito, subalit nanatiling matatag ang paninindigan ni MMDA Chairman Francis Tolentino na walang konkretong basehan ang listahan. Binanggit din ng naturang balita ng CNNGo na nagkaroon na ng mga planong ayusin ang trapiko sa Filipinas. Sa kabila nito, makikita na noong 2001 lamang umutang ng mahigit US$ 60 milyon ang gobyerno para masolusyonan ang problema ng trapiko sa pamamagitan ng paghikayat sa mga Filipino na huwag na lamang gumamit ng sasakyan sa paglalakbay.

Sa panayam ng *Matanglawin* kay Tolentino, ipinahayag niya na ang pangunahing problema ng transportasyon sa Metro Manila ay ang labis na suplay ng mga bus at iba pang pampublikong sasakyan kung ikukumpara sa pangangailangan ng mga mamamayan. Aniya, ang problemang ito ay inabutan na lamang niya sapagkat nabigyan na ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) ng mga prangkisa ang mga pampublikong sasakyan na ito kung kaya't sila'y nakabibiyahe. Ang labis na suplay kung ikukumpara sa pangangailangan ang dahilan kung bakit nagawa niyang sabihin na ang kaniyang panukala upang masolusyunan ang problemang ito ay kanselahin ang lahat ng mga prangkisa.

Sa kabila ng radikal na suhestiyong ito, makikita na may higit pang radikal na solusyon na ibinibigay si Victor Venida, propesor sa Kagawaran ng Ekonomiks ng Pamantasang Ateneo de Manila. Higit pa sa sinasabi ni Tolentino, ang pinakaepektibong solusyon sa problema ng transportasyon, ayon kay Venida, ay gawing maralita ang lahat sapagkat wala nang makakapagmay-ari at makapagmamaneho ng mga sasakyan kung mahirap na ang lahat. Para sa kaniya, ang problema ng trapiko ay buhat ng pagkakaroon ng kakayahan ng mga mamayan na makabili ng mga sasakyan.

Sinasang-ayunan ito ni Tolentino noong sinabi niyang hindi na maaalis ang problema sa trapiko. Dagdag pa niya, "Bahagi iyan ng pagiging urbanisado, ng patuloy na pagdami ng tao sa mga lungsod kagaya ng Metro Manila na limitado naman ang lugar."

Makikita na ayon sa pagsusuri ng World Bank noong 2001, nakaaapekto sa 10 milyong Pilipino o mahigit-kumulang 75% ng mga naninirahan sa Metro Manila ang problema ng trapiko. Sinasabi na sa mga kalye pa lamang ng EDSA, umaabot na lamang sa 15kph ang bilis ng mga sasakyan sa mga pangkaraniwang araw.

Bagaman radikal ang mga suhestiyon ng dalawang eksperto, makikita na sa likod ng kanilang mga panukala, ilang mga katangian ng problema sa transportasyon ang maaari nating pagtuunan ng pansin.

Una, na ito'y bunga at likas na bahagi ng pag-unlad ng ekonomiya ng bansa na lagi't laging nakapaloob sa isang kasaysayan na hindi na natin mababago katulad ng pagbibigay ng mga prangkisa upang makabiyahe ang mga pampublikong sasakyan sa loob ng ilang taon. Ikalawa, ang problema ng transportasyon ay hindi lamang limitado sa nasasaklaw ng MMDA, bagkus, nakataya rin dito ang ibang mga ahensiya ng pamahalaan katulad ng LTFRB.

DAMI AT BIGAT NG PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON

Lumalabas na isa sa mga nagiging pangunahing dahilan ng problema sa trapiko ay ang kabuuang suplay ng mga sasakyan na nakahihigit sa kabuuang pangangailangan ng mga mamayan na siyang nagsisiksikan sa isang limitadong lugar. Ngunit, kung pagbabatayan ang karanasan, mahirap paniwalaan ang ganitong paliwanag lalo na para sa mga ordinaryong mga mamayan na laging nakikita ang kanilang mga sarili na nakikipagsiksikan o nakikipag-agawan para lamang makahanap ng masasakyan papuntang paaralan o opisina lalo na kapag rush hour. Sa tila hindi maipagkasundong paliwanag na ito at ang karanasan ng mga ordinaryong Filipino, mariing naipapakita na hindi sasapat ang ganitong paliwanag upang saklawin ang mga dahilan kung bakit ganito na lamang ang estado ng transportasyon sa ating bansa.

Para kay Tolentino, ang problema ay hindi lamang nanggagaling sa kabuuang dami ng pampublikong sasakyan tulad ng mga bus, dyip, at tricycle. Kung tutuusin, ilan nga ba sa kabuuang bilang ng mga pampublikong sasakyan ang bumibiyahe sa panahon ng rush hour? Ilan sa mga ito ang napupuno? Ilan naman sa mga ito ang bumibiyahe sa mga panahong hindi gaano kataas ang pangangailangan ng mga tao? Ano-ano ang mga rutang dinaraanan ng mga ito? Bakit nga ba tayo mayroong mga tricycle? Sa kabila ng diumano'y higit na kabuuang suplay sa kabuuang pangangailangan, makikita mula sa karanasan na hindi ito agarang nangangahulugang nakahihigit ang suplay sa pangangailangan sa mga partikular na oras at lugar. Dagdag pa niya, "Kulang nga tayo sa convenient na pampublikong sasakyan kaya gumagamit ng private [vehicles]."

Ayon naman kay Venida, ang sistema ng paglalakbay ng mga pampublikong transportasyon sa Maynila na nagsasakay lang kung mayroong pasahero, ngunit hindi naman sa lahat ng pagkakataon ay maraming isinasakay. Aniya, "Kaya may mga oras na mahirap makakuha ng sasakyan." Ilang daan lang din daw ang maaaring madaanan ng mga maiingay na bus at dyip, kaya dumarami ang mga tricycle.

Madaling sabihin na masosolusyunan ang problema kung daragdagan ang dami ng mga prangkisa para sa mga pampublikong sasakyan, ngunit isa itong pangmadaliang solusyon na magdudulot ng higit na problema kaysa kabutihan. Ang solusyon ay hindi sa pagbabago ng kabuuang o partikular na dami ng mga sasakyan, kundi sa pagsisigurадong nagiging episyente ang sistema ng mga pumapasadang sasakyan.

Isinaad ni Venida ang halimbawa ng ibang bansa na siya namang ginagamit din bilang pangangatwiran sa pagpipirmi ng suweldo ng mga tsuper ng bus, na kamakailan lamang ay naging laman ng balita. Aniya, pabor pa nga sa mga naglalakbay ang ganitong sistema. "Ang ginagawa sa ibang bansa ay isang malawakang kooperatiba para magkaroon ng sistema ang lahat ng mga nagmamaneho ay may regular na suweldo, tapos iyong mga bus at dyip may tiyak na oras ng pagbiyahe, mapuno man o hindi."

Nakikita rin ni Tolentino na makabubuti ang pagkakaroon ng fixed wage ng mga tsuper. Ginawang halimbawa ni Tolentino ang mga tsuper na mahabang oras ang biyahe, na waang insurance, walang PhilHealth, walang pensiyon, walang overtime pay, walang benepisyo. "Ngayon kung naging regular employee ka, isinusulong na nakalagay na sa ating saligang batas," aniya. "Talagang mas protektado. May family time ['yong mga tsuper], 'yong health benefits mayroon rin."

Kung maipatutupad ito nang maigi at mabibigyan ng karampatang sahod at mga benepisyo ang mga tsuper at konduktor at masisigurado rin ng pamahalaan na hindi pare-pareho ang mga ruta ng dyip at nababawasan din ang mga kolorum, maaaring malaki ang maidulot nitong pagbabago para sa trapiko. Isang uri ng pagbabago na tiyak makatutulong hindi lamang para sa mga pasahero, kundi pati na rin sa mga pumapasada.

Ngunit bukod pa sa pampublikong sektor, malaki rin ang papel na ginagampanan ng mga pribadong sasakyan sa pagpapalala ng sitwasyon ng trapiko, pagdiriin ni Tolentino. Aniya, nagiging problema ang mga pribadong sasakyan lalo na kung tatatlo lamang o pababa ang laman ng mga ito. Mayroong ilang mga pamilya na nagmamay-ari ng higit sa isang sasakyan at kalimitan pa'y iisang pasahero lamang ang naisasakay ng mga ito kung kaya't dumarami ang mga sasakyang nakikipagkumpetensiya para sa espasyo. Isang halimbaw trapikong dinaranas ng Katipunan sa tapat ng Ateneo, dala ng bigat ng mga sasakyang dumaraan papuntang Diliman, na sinasabayan ng sabay-sabay na pagdating at pag-alis ng mga sasakyan ng mga mag-aaral ng Ateneo, Miriam at UP.

Upang masolusyonan ito, sinasabi ni Tolentino na kinakailangang gawing moderno ang pangpublikong mga sasakyan lalong-lalo na ang mga tren katulad ng MRT at LRT. Aniya, mahalaga ito upang mabawasan ang paggamit ng mga pribadong sasakyan.

Pinapalawak ni Venida ang usapin ukol sa pagpapabuti ng mga tren upang sakupin hindi lamang ang nasa Maynila kundi pati na rin ang mga karatig isla natin. Mahirap ito para sa bansa bilang isa tayong arkipelago na kalat-kalat. Aniya, para maging sulit ang pagpapagawa ng mga tren, dapat ay mahaba ang mga riles nito. Ngunit may iba pang balakid rito. Aniya, "Saan ba manggagaling ang koryente ng tren? Imported na petroleum o lokal na coal ba ang gagamitin natin? Hindi ba puwedeng alternatibo ang gagamitin natin?"

Bukod pa sa paghahanap ng alternatibong mapagkukunan ng koryente, nabanggit din niya ang mga gagampanang tungkulin ng gobyerno at ng pribadong sektor sa pagpapaunlad ng ating sistema ng transportasyon. Aniya, "Ang sistema ng transportasyong pang-madla—kung gusto talagang gawing pang-madla—maski sa ano mang bansa sa mundo ay nangangailangan ng pangtustos ng gobyerno."



IYONG PROBLEMA NG TRAPIK AT LAHAT SA TRANSPORTASYON, HINDI LANG NAMAN ANG GOBYERNO [ANG MAY RESPONSABILIDAD], DAPAT KASALI LAHAT.

Francis Tolentino
MMDA Chairman

Dagdag pa ni Venida, sa Filipinas, ang punto ng sasakyang pangmadla ay para sa mga mabababa ang kita upang sila ay makabiyahe. "Ibig sabihin, bababaan mo ang pamasahe. Kung bababa ang pamasahe, e di kinakailangan talaga ng panustos upang patuloy na makapagserbisyo ang sektor ng transportasyon. Ang tanong [ngayon] ay saan ito manggagaling?"

Isa lamang sa mga alternatibong naiisip ni Venida ang pagtatayo ng mga komersiyal na establisimyento sa mga estasyon ng tren, gaya ng sa Ayala-MRT. Posible rin na hayaan ang mga kompanya na kumita sa sarili nila, tulad ng ginagawa sa London at New York. Tiyak na marami pang maaaring gawin, ngunit nakikita ni Venida na kailangan pa rin ang tulong ng gobyerno upang magawa ito.

PROBLEMA SA MGA DAAN AT KALSADA

Liban pa sa mga problema ng pagpapaunlad sa uri ng pampublikong mga sasakyan, isa rin sa mga tinutukoy na hadlang sa pagpapabuti ng sistema ng transportasyon ang usapin ng mga daan at kalsada sa Metro Manila. Ngunit kung ikukumpara ang Filipinas sa kapitbahay nitong bansa na Singapore, naisaayos naman nila ang problema nila sa trapiko kahit maliit lamang ang kapasidad ng kanilang kalsada.

Para kay Venida, dito lumalabas ang mga tanong ukol sa tamang urban planning katulad ng pagpapayag ng mga may-ari ng mga subdibisyon na gawing daanan ng pampublikong transportasyon ang mga ito. "Gusto [ng mga mamamayan na] mabilis na maiayos, pero ayaw naman nilang magpagawa ng mga kalsada na papasok sa kanilang mga subdivision."

Bukod sa mga subdibisyon, papayag ba ang mga may-ari ng lupa at mga gusali na ibenta ang mga lupang ito upang pagawan ng mga kalsada? Dagdag pa sa lahat ng mga ito ang isyu ng hindi pagkakaroon ng isang unipormeng batas na siyang magsasaayos sa urban development at traffic management sa buong Metro Manila.

Ayon sa artikulo ni Alex Magno mula sa *Philippine Star*, ang problemang ito ay dahil mayroon tayong magkakaibang hari na may kani-kaniyang interes na pinangangalagaan at ang kawalan ng pagtutulungan ng mga ito ay nakapagpapalala sa mga problema sa ating masikip na ngang siyudad. Sa punto pa lang na ito, nakikita na ang pagiging komplikado ng problema ng transportasyon. Bukod sa isyu ng trapiko, nagiging isa rin itong isyu ng urban planning, enerhiya, polusyon, at iba pa na nangangailangan ng tulong mula sa iba't ibang mga Local Government Units (LGU) at ibang mga sangay ng gobyerno katulad ng Department of Public Works and Highways, MMDA, at maging ang Land Transportation Office at LTFRB. Hindi rin maiaalis dito ang interes ng pribadong sektor, sektor ng transportasyon, at ang mga mamamayang makikinabang.

KOMPROMISO

Ukol sa usapin ng suplay ng mga sasakyan, isa sa maaaring gawin ay gawing huwaran ang ibang mga bansa kung papaano nila nagagawang pababain ang dami ng mga nagmamay-ari ng sasakyan nang hindi ginagawang maralita ang lahat.

Ayon kay Goodman ng *Bloomberg*, nagpapataw ng malaking buwis ang pamahalaan ng Singapore para sa mga pamilya o indibidwal na nangangarap na magkaroon ng kotse. Sinasabi na sa pagkuha pa lamang ng permiso ng kotse, nagkakahalaga na ito agad ng US$ 67,000 o parang isang payak na bahay na sa Estados Unidos. Kung naging matagumpay ito sa ibang bansa, maaaring maging matagumpay rin ito dito sapagkat nagkakaroon ng negatibong insentibo ang mga tao na magmay-ari ng sariling sasakyan. Ngunit kaakibat naman nito ang pagpapabuti sa pampublikong transportasyon na magagamit ng lahat.

Pagdating naman sa sektor ng pampublikong transportasyon, mahalaga ring pagtuunan ng pansin ang mga disposisyon at pananaw ng mga tsuper upang maging bukas sila na mamasada sa isang paraan na hindi katulad ng ginagawa nila ngayon kung saan bibiyahe sila kung kailan lamang nila magustuhan. Ito nga mismo ang dahilan kung bakit nagiging problematiko ang ating transportasyong pang-madla. Upang maisaayos ang problemang ito, ipinanukala ni Venida na magkaroon ng mga kooperatibang mangangasiwa nito. Ngunit agad din niyang nakita ang posibilidad ng pagkakaroon ng isyu sa korupsiyon. Aniya, "Ang mga tao nga rito nag-aalala sa malakihang

organisasyon at sistemang ganoon dahil sasabihin na gagastos ka, magkakaroon ng graft and corruption, kinakailangan magpadagdag ng buwis."

Ang problema ng transportasyon ay higit pa sa problema ng pangkalahatang suplay, estado ng mga kalye, pag-unlad ng pampublikong transportasyon, pamamalakad at pagpapatupad ng mga batas ng mga ahensiya ng pamahalaan. Mahalagang isyu rin ito ng disiplina at pananaw ng mga ordinaryong mamayan. Paliwanag ni Tolentino, kaya mahalaga ang pagkakaroon ng fixed wage.

Aniya, "Kaya tayo maraming problema sa kalye ay dahil nagkakarera [ang mga tsuper] kasi nga commission basis [ang pamamasada]. Wala silang suweldong buwanan [at] 18 hours silang nagmamaneho. Delikado 'yon, marami na ang naaksidente—marami ang namamatay dahil walang disiplina." Nag-udyok ito ng mga usapin at kalaunan ay nagbunga rin ng isang proyekto: nitong nakaraang taon, sinimulan ng MMDA ang isang inter-agency na pagpupulong kasama ang Department of Labor and Employment, LTFRB, LTO pati ang mga bus operators. Sa paninindigan ni Tolentino, "Kailangang bigyan natin ng tamang compensation ang mga bus drivers para madisiplina sila at manatiling ligtas din ang mga motorista."

Bukod pa sa mga bagong batas na ito, makikita na kung talagang nais nating maiayos ang problema ng transportasyon, kinakailangan ding magbago ang ating paniniwala ukol sa mga bagay-bagay lalo na sa pag-phase out ng mga dyip, tricycle, at sa mga matagalang imprastruktura, gaya ng mga tren at highway.

Malaki ang hinihingi mula sa atin upang masagot ang krisis ng transportasyon. Ayon nga kay Venida, "Hindi lamang malaking kagastusan, [dahil] mga 20-30 na taon bago matapos ang mga [proyektong] iyan." Malaking isyu rin kung kikilalanin ba ng mga susunod na administrasyon ang mga proyektong nasimulan ng dati nang mga pangulo. Ginamit na halimbawa ni Venida ang proyektong nautical highway ni dating pangulong Arroyo—ipinapatupad pa rin sa kasalukuyan ngunit itinigil ng bagong gobyerno ang nakabitin na kontrata. Maituturing na sana itong "pagkonekta" sa mga maliliit na kapuluan.

Dagdag pa niya, matagal na proseso rin kung pipiliin ng pamahalaan na i-phase out ang kasalukuyang sistema ng transportasyon. "Matagal-tagal na proseso iyan at kailangan mo pang kumbinsihin ang mga nagmamaneho na magiging suwelduhan sila kasi marami sa mga iyan, ayaw," aniya. Para marahil sa mga tsuper, kung suwelduhan sila, malaking pagbabago ito sa buhay nila: ngayon, papasok sila kung kailan nila gusto pero kung ipapataw ang bagong batas, mayroon nang tiyak na oras. Sa panahon naman ng pagtaas ng pamasahe, hindi rin sila makikinabang, at kakaunti pa rin ang maitatabi nila para sa sarili.

Ukol naman sa problema ng mga tsuper na mawawalan ng trabaho, hindi ito nakikitang problema ni Venida. "Unang-una, kung magtatayo ka ng bagong sistema, kailangan mo pa rin ng mga magmamaneho. Kinakailangan lang na mabigyan ng sapat na training para matutunan nila ang mga bagong skills para sa mga bagong trabaho. Ang problema lang ay kung makukumbinsi mo sila na makisama sa ganitong bagong pamamalakad."

PAGTUWID AT PAGTAWID

Para kina Venida at Tolentino, makikita na maraming dahilan ang nagdudulot ng problema ng trapiko at ang malawakang krisis ng transportasyon sa Filipinas. Ngunit katulad ng paalala ni Venida, ang pinakamalaking problema marahil ay ang uri ng pananaw at kawalang disiplina nating mga mamayan.

"Ang hirap kasi sa atin, kapag binago mo isa, [kailangan] lahat automatic samantalang kinakailangan ng mga taong mag-iisip ng mga detalye para magbago ang mga sistema," dagdag ni Venida. "Komplikado at magkakasama 'yan e, transport, energy, communications, urban planning. Hindi mo puwedeng solusyunan ang isa nang hindi tinitignan ang iba."

Dagdag pa niya, ang pinakaugat ng problema ay hindi ang kakulangan ng pagtitiwala sa gobyerno, kundi dahil walang pagmamalay ang mga mamamayanan na mayroon din silang responsabilidad sa pamamalakad.

Ayon nga kay Tolentino, "Iyong problema ng trapik at lahat sa transportasyon, hindi lang naman ang gobyerno [ang may responsabilidad], dapat kasali lahat."

Kung magkagayon nga, nagiging malinaw na upang masolusyunan ang problema ng trapiko at transportasyon, kinakailangan ang isang masusi at magkakaugnay na pagpupursige mula sa sektor ng pamahalaan, mga mamamayan, pribadong sektor, agham at teknolohiya, at sektor ng transportasyon sapagkat ang problema ng transportasyon ay hindi isang problemang nakahiwalay mula sa iba. Bagkus, tunay itong nakaangkla at nakakabit sa isang komplikadong sinulid ng mga problema na likha at patuloy na pinapalala nating mga Filipino.

KOMPLIKADO AT MAGKAKASAMA YAN E, TRANSPORT, ENERGY, COMMUNICATIONS, URBAN PLANNING. HINDI MO PUWEDENG SOLUSYUNAN ANG ISA NANG HINDI TINITIGNAN ANG IBA.

Victor Venida
Kagawaran ng Ekonomiks



PERA O PANGARAP

KAPAG HINDI NAGTAGPO ANG PROPESYON AT BOKASYON

nina Noel Clemente at Reizle Jade Platitas
may ulat ni Ria Arante
sining nina Monica Esquivel at Arielle Bonifacio
lapat ni Melvin Macapinlac

TUMATAAS ang bilang ng mga walang trabaho bawat taon: maraming mga nagtatapos sa kolehiyo ngunit hindi ito natutumbasan ng bilang ng mga bagong trabahong bukas sa madla. Dahil sa pangangailangang magkaroon ng hanapbuhay, pinipili ng ilan na pumasok sa larangang hindi tugma sa kursong tinapos nila sa loob ng apat na (o limang) taon.

Nagtapos si Sonnylyn Ibañez ng B.S. Education, major in English noong 2009. Mula noon, naranasan na niyang maging pharmacy assistant at customer service representative. Sakasalukuyan, sekretarya siya sa isang construction company. Kahit ninais niyang magturo, napilitan siyang humanap at tumanggap ng ibang hanapbuhay sapagkat walang bukas na pagkakataon sa kaniyang larangan.

Isa namang guro sa Kagawaran ng Filipino si Mark Benedict F. Lim. Siya ang bukodtanging nagtapos sa programang A.B. Panitikang Filipino noong 2009. Hindi man daw kataasan ang suweldo bilang instruktor ng Fil 11 at Fil 12 sa Ateneo, masaya at kontento siya sa trabahong ninais din niya.

Sa tumitinding hamon ng kahirapan at globalisasyon, umiigting ang tensiyon ng mga mag-aaral sa pagpili ng landas na tatahakin. Karaniwan, may pangarap na nais tupdin sapagkat dito niya nakikita ang sarili—halimbawa, ang pagtuturo, pagsusulat, o pagpapari—subalit hindi na masunod dahil sa pangangailangang pinansiyal. Sumusulpot ang isang malaking tanong, mula sa pagpili ng kurso sa kolehiyo hanggang pagpili ng trabaho—ano ang lalong mahalaga: ang kahingian ng sarili, o kahingian ng mundo?

MAHIRAP MAGHANAP NG TRABAHO

Matapos magtapos si Ibañez noong Marso 2009, limang buwan siyang naghanap ng trabaho. Aniya, "Noong panahong iyon, sobrang hirap humanap ng trabaho. Umabot sa puntong naisip ko na, kung ano mang unang dumating na trabaho, tatanggapin ko agad." Sa kabutihang palad, natanggap siya bilang pharmacy assistant sa isang parmasya, Setyembre ng taong ding iyon.

Hindi naman nangahulugang naglaho ang kaniyang pangarap na magturo nang tanggapin niya ang mga trabaho. Nagkaroon lang siya muna ng priyoridad na tulungan ang pamilya sa kaniyang kasalukuyang trabaho. Kahit na taliwas sa inaasahan ang kaniyang mga naging trabaho, umaasa pa rin siyang makapagtuturo pagkatapos ng ilang taon. "Hindi ko nakikita ang sariling gugugol ng maraming taon sa ganitong hanapbuhay," dagdag niya. "May plano rin naman akong magbigay ng panahon sa tinapos kong kurso."

LAGPAS SA PERA

Ang kita o suweldo ay isa lamang sa mga salik na dapat isaalang-alang sa pagpili ng trabaho. Tunay ngang mahalaga ang salapi sa kasalukuyang uri ng pamumuhay ng bansa, ngunit hindi dapat limutin ang aspekto ng trabaho bilang ambag ng tao sa lipunan.


"Nakatutulong ang pera sa kaganapan ng tao, pero hindi lang iyon ang hinahanap ko. Gusto ko lang iyong sapat para sa akin." Ito naman ang palagay ni Lim sa trabahong pinasok niya.

Para sa kaniya, ang dapat isaalang-alang sa paghahanap ng trabaho ay hindi lang iyong makakukuha ka ng sapat na pera.

Kailangan ang trabaho mo ang nagpapaganap sa iyo bilang tao. Giit ni Lim, "[Ang pagiging guro] talaga ang gusto ko. Iyon ang plano kong career. Iyon ang oportunidad na ibinigay sa akin ng academe, [kaya] kinuha ko agad."

Dagdag pa niya, sayang ang buhay kapag hindi mo gusto ang trabaho mo at ginagawa mo lang iyon para kumita. Ika niya, kadalasang sinasabi na, 'Tutulong ako sa bayan kapag mayaman na ako' o kaya 'Magiging artist ako 'pag kaya ko na,' subalit hindi nangyayari. Habang pataas sila nang pataas sa corporate ladder, naiipit na sila doon at hindi na makaalis upang tupdin ang binitiwang pagtulong sa bayan o pagiging artist bago sila magsimula.

"Ang idea para sa akin ng trabaho, ay bagay na lagpas sa pera," dagdag pa ni Lim. "Iyong bagay na kitang-kita mo ang sarili mo. Kasi ito ang interaksiyon mo sa mundo, ito ang bahagi mo sa sibilisasyon, ito ang bahagi mo sa [kaunlaran] ng sangkatauhan, ito ang ambag mo. Pero kung ang ambag mo ay hindi bahagi ng iyong pagkatao, problema na iyon."



ANG TENSIYON AT ANG MISMATCH

Ayon kay Carla Siojo, direktor ng Placement Office, nagkakaroon ng tensiyon sa trabahong 'kikita ako' at sa trabahong 'gusto ko.' Mapalad ang ilan na iisa lang ang trabahong kanilang nais at mapagkakakitaan, ngunit karamihan ay nakararanas ng nabanggit na tensiyon. Ani Siojo, "Gusto mo may pagkain sa mesa mo, may damit sa katawan mo, may bubong sa ulo mo. Pero iniisip mo ba kung magiging masaya ka?"

Nagsisimula ang tensiyon sa pagpili pa lamang ng kursong kukunin sa kolehiyo. Dagdag pa rito, ika ni Siojo, nakaiimpluwensiya rin ang mga magulang sa desisyon ng kanilang anak. Hindi na bago sa atin ang 'Huwag diyan, walang pera diyan', kahit na ang kursong iyon ang tunay na gusto ng estudyante.

Nakalulungkot mang isipin, may mga magulang na nais makamit ang 'return on investment' sa pagpapaaral sa kanilang mga anak. Naglalaan sila ng salapi para makapag-aral ang kanilang mga anak sa magagandang pamantasan, at inaasahan nilang makakuha sila ng magandang trabaho (ibig sabihin, malaki ang sahod) para sila naman ang alagaan ng mga anak.

"Hindi mo rin sila masisisi dahil ganoon ang ibinibigay sa atin ng ekonomiya," pananaw ni Lim sa isyu. Ang mga serbisyong panlipunan ang hinihingi ng gobyerno, at hindi kalinangan sa sining, kaya wala ring mapupuntahan ang mga kumukuha ng kurso sa sining. Sa kabilang banda, mayroon ding mga disiplinang hindi kinukuha ng mga mag-aaral, halimbawa na ang agrikultura. Ayon pa kay Siojo, "Walang mga taong nag-aaral ng ganoong kurso, kaya walang makatutugon sa kahingian ng trabaho, at walang makapagtatrabaho sa industriyang iyon. Sayang."

KARERA NG ISANG ATENISTA

Kaakibat naman ng pagpasok sa mge de-kalibreng unibersidad gaya ng Ateneo at UP ang pangako ng isang disenteng trabaho sa oras na makapagtapos ka rito. Masasabi nga marahil na brand name na ipinapalamuti sa mga resumé ang kilalang pangalan ng pamantasan. Inilalagay ito sa pag-asang mabibigyan agad ng magandang impresyon at mahihiwalay ang sariling papel sa makapal na salansan ng aplikasyon ng iba pang bagong tapos na nagbabaka-sakali rin.

Marahil, hindi paglusot sa butas ng karayom ang paghahanap ng trabaho kung isa kang Atenista, subalit hindi naman makatwirang sumusunod na palaging nagkakatugma ang propesyong pinupuntahan sa kursong tinapos nila. Naiiba man ang konteksto at mga kadahilanan, at marahil mas kaunti sa bilang ng kaso, hindi pa rin nakaliligtas ang mga nagsisipagtapos sa pagdanas ng career mismatch.

Tila estratehiko ang pagkakahati ng mga Paaralang Loyola sa apat na larang: agham at inhenyeriya (SOSE), agham panlipunan (SOSS), pangangasiwa (SOM), at humanidades (SOH). Binibigyang-diin nito ang ba-

lanse ng mga industriyang may pinagtibay nang puwesto sa lipunan at napatunayan na ang kahalagahan sa mga mamamayan. Ngunit sa paglipas ng panahon, mabilis na nagbabago at nagpapalit-palit ang kahingian sa labor market kapuwa sa loob at labas ng bansa na pumapabor sa mga espesipikong disiplina lamang.

Matatandaang biglang nagsulputan ang mga kolehiyong nag-aalok ng mga kurso sa nursing at caregiving nang magbukas ang Estados Unidos at ilan pang bansa sa Europa sa malaking pangangailangan ng mga nagtapos sa kursong ito. Ilang taon ding nagpatuloy ang ganitong kalakaran—kabi-kabila ang mga kompanya ng business process outsourcing (BPO) na gumaganyak sa mga nagnanais ng magandang sahod na hindi nangangailangan ng partikular na espesyalisayon. Dito na nagsimulang dumami ang mga call centers sa bansa. Ngunit paano maikakawing ang sitwasyon sa loob ng Ateneo sa mga pangyayaring gaya nito? Sinisigurado nga ba ng pagiging premyadong pamantasan na napupunta ang mga alumni nito sa angkop na larangang paggagamitan nila ng natutuhan sa huling yugto ng pag-aaral?

Kung bilang ng mga kurso sa bawat Paaralang Loyola ang pagbabatayan, lilitaw na mas marami ang mga programa sa SOM at SOSE. Sa mga paaralang ito hinuhulma ang mga susunod na eksperto sa pananalapi at pangangasiwa, gayundin ang mga dalubhasa sa agham, teknolohiya at matematika sa hinaharap. Isa lamang ito sa mga ginagawang pag-angkop ng Ateneo sa uri ng pangangailangan na mayroon sa labas. Sa mga larangang ito maraming nagbubukas na pagkakataong makapagtrabaho kapag nakapagtapos na ang mag-aaral.

Ngunit gaya ng nagiging suliranin sa ibang paaralan, may mga disiplina rin sa Ateneo na hindi ganoon kalaki ang ipinipresentang oportunidad para sa mga magsisipagtapos dito. Karaniwang nakararanas nito ang mga nagsipagtapos mula sa SOH, gayundin iyong mga nagtapos ng mga kursong masyadong nakatuon sa isang espesyalisasyon.

Kilala ang Ateneo sa tahasan nitong layunin na makapaglingkod sa kapuwa na siyang manipestasiyon ng katagang "tao para sa kapuwa." Ngunit kung ilalagay natin sa kasalukuyang padron ng mga ambisyon at aspirasyon ng bawat nagsisipagtapos ngayon, tila masyado itong ideal lalo pa't nasanay na ang karamihan sa atin sa mariwasang pamumuhay. Sa oras na makuha mo ang diploma at makalabas ka sa pangangalaga ng pamantasan para maghanapbuhay, natural lamang na hangarin mo ang trabahong mapapanatili, kung hindi mapagbubuti, ang iyong nakasanayan. Halos ganito rin ang saloobin ni Siojo nang sabihing "Dito sa Ateneo, hinuhubog kayong maging pinuno, at iminumulat kayo sa kahirapan sa paligid ninyo. Siyempre, nais ninyong tumulong, ngunit hindi ka puwedeng magbigay ng bagay na wala ka." Patunay lamang ito na hindi na rin iba sa mga Atenista ang tunggaliang nagaganap sa personal na mga hangarin at sa kung saan sila itinutulak ng mga ekonomiko at praktikal na konsiderasyon.

GUSTO MO MAY PAGKAIN SA MESA MO, MAY DAMIT SA KATAWAN MO, MAY BUBONG SA ULO MO. PERO INIISIP MO BA KUNG MAGIGING MASAYA KA?

Carla Siojo
Placement Office

NASA TAO ANG PAGPAPASIYA

"Mas maganda talaga na magtuon ka ng pansin sa kursong tinapos mo," ani Ibañez. "Kinuha mo iyon kasi gusto mo, at 'pag doon ka nagpokus, malilinang ang mga kakayahan mo at lalago rin ang iyong pagkatao." Sa kabilang banda, iminumungkahi ni Siojo na maging bukas din sa ibang larangan, sapagkat nakasalalay naman ang pagiging tugma ng trabaho mo sa iyong pagkatao sa iyong pagkukusang matuto.

Marahil nga, nalilikha ang penomeno ng career mismatch dahil sa tensiyon ng tao sa kaniyang pagsunod sa pangarap at sa pagtugon sa materyal na pangangailangan. Ngunit para kay Ibañez, "Nasa tao pa rin naman ang desisyon kung ano ang nais nilang mangyari sa buhay." Tunay nga, may mga naging matagumpay at masaya naman sa kanilang karera kahit wala itong kaugnayan sa kursong tinapos nila.

Ang maipapayo ni Siojo, "Alamin mo muna ang layunin mo sa buhay, [kung gusto mo mang yumaman, o kung nais mong sundin ang pangarap]. 'Pag tiyak mo na iyon, malalaman mo na ang sunod na hakbang upang tahakin ang landas na iyon. Basta kailangan mo ng patutunguhan.*"

* *Isinalin mula Ingles*



nina Majella Delfin, Rhea Leorag at Kevin Solis
sining nina Dyan Francisco at Chelsea Galvez
lapat ni Alfonso Joson

MATRIKULANG NAGMAMATAAS

Pagtaas ng matrikula at ang kasalukuyang sitwasyon ng edukasyon









Sa bawat sampung mag-aaral na pumapasok sa kolehiyo, isa hanggang dalawa lamang ang nakatatapos.

Pinatutunayan ito ng estadistika mula sa website ng Commission on Higher Education (CHED). Kasabay ng patuloy na pagtaas ng populasyon ng bansa, tumataas din ang bilang ng mga pumapasok sa kolehiyo—ngunit maliit na porsiyento lamang sa mga pumapasok ang nakapagtatapos. Kung para sa karamihan, katumbas ng pagkakaroon ng magandang trabaho at pagtupad ng mga pangarap ang pagtatapos sa kolehiyo, ano na nga ba ang kinabukasan ng kabataang Filipino?

WALANG HABAS NA PAGTAAS

Isa sa mga itinuturong pangunahing dahilan ng pagbaba ng bilang ng mga mag-aaral sa kolehiyo ang patuloy na pagtaas ng matrikula sa mga pribado at pampublikong kolehiyo at unibersidad.

Humigit-kumulang 1,604 pribado at 643 pampublikong kolehiyo at unibersidad ang operasyonal ngayon sa Filipinas. Para sa kasalukuyang taong pampanuruan, 267 pribadong unibersidad at paaralan sa bansa ang nagtaas ng matrikula.

Isa na rito ang Pamantasang Ateneo de Manila, na nagtaas ng 5% ngayong taon. Pagpapanatili ng mataas na kalidad ng edukasyon ang karaniwang dahilang maririnig natin mula sa mga pribadong paaralan kapag napag-uusapan ang pagtataas ng matrikula. Bukod dito, wala silang ibang pagkukunan ng pondong gagamitin sa operasyon at habang patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, patuloy rin nilang kakailanganing magtaas ng matrikula. Ayon pa kay Dr. John Paul Vergara, Pangalawang Pangulo para sa mga Paaralang Loyola ng Ateneo, "[Kung hindi magtataas ng matrikula], marahil ay hindi tayo makatatagal ng isang buong taong pampanuruan."*

Sa panig naman ng state universities and colleges (SUCs), hindi pa naglalabas ang CHED ng aktuwal na bilang ng SUCs na nagtaas ng matrikula para sa taong pampanuruan 2012-2013. Subalit nitong nakaraang taon, pinagbawalang magtaas ng matrikula ang SUCs samantalang 80% naman ng local universities and colloeges (LUCs) ang nagtaas ng singil. Lagi nang naibabalita ang mga estudyante ng SUCs na nagra-rally bilang reklamo sa pagtataas ng matrikula sa kanilang paaralan. Ngayong 2012, naging malaking isyu ang "budget cut" o pagbaba ng subsidiyang inilalaan ng gobyerno para sa SUCs mula 87.74% patungong 66.31%, bunga na rin ng pagtaas ng badyet para sa elementarya at sekondarya dahil sa pagpapatupad ng K-12.

Nagpatupad din ng bagong sistema ang Department of Budget and Management ukol sa paglalabas ng badyet para sa SUCs. Bago maglabas ng pera, kailangang makita muna kung saan talaga ito mapupunta, halimbawa, hindi maglalabas ng badyet para sa mga guro hangga't hindi napupunan ang mga bakanteng posisyong kinakailangan. Naglaan din ng bukod na P500 milyong para sa CHED na gagamitin sa pagbuo ng centers of excellence sa SUCs sa bansa. Sa kabuuan, tinangka ng gobyerno na gawing mas rasyonal at planado ang paglalabas ng badyet para sa SUCs. Ngunit para kay Gio Tingson, kasalukuyang pangulo ng Student Council Alliance of the Philippines (SCAP), "Kailangan natin 'yong tamang paggasta na planado at may patakaran, pero dapat pa rin tayong magpatuloy sa pagsusulong ng libre at de-kalidad na edukasyon."

SAAN NGA BA NAPUPUNTA?

Ayon sa Batas Pambansa Blg. 6728 o "Government Assistance To Students and Teachers In Private Education Act," dapat ilaan ang 70% ng anumang pagtaas ng matrikula sa pangangailangan ng mga guro at kawani. Kabilang na rito ang pagbibigay ng mga benepisyo at pagtataas ng suweldo. 30% naman ang kailangang ilaan sa capital outlay at pagpapaganda ng paaralan—pagpapaayos ng mga estruktura, pagdadagdag ng mga kagamitan, at iba pa.

KARAMPATANG PROSESO

"Kailangang magkaroon ng tunay at sapat na konsultasyon, kasama ang mga estudyante, alumni, guro at kawani," ayon kay Atty. Julito D. Vitriolo, Executive Director ng CHED para sa Pambansang Punong Rehiyon.

Nakasaad sa CHED Memorandum Order (CMO) Blg. 13 na kinakailangang magkaroon muna ng konsultasyon sa pagitan ng administrayon ng paaralan at mga estudyante bago magpasa ng dokumento sa CHED.

Ilalahad sa mga nabanggit kung magkano ang binabalak na itaas at kung saan ito balak gamitin. Pagkatapos ng konsultasyon, magpapasa ng aplikasyon sa CHED Regional Offices kasama ang ulat ng mga pangyayari sa naganap na konsultasyon. Bukod pa rito, may ipapasa ring dokumento na nagsasaad kung kailan huling nagtaas ng matrikula at kung saan ginamit ang nasabing pagtaas.

Sa kasamaang palad, hindi tuwirang nasusunod ang patakarang ito sa lahat ng paaralan. Pahayag ni Tingson, "Sa paaralan X, gagawin na nila ito. Pero kinailangan pa naming magtayo ng Student Rights and Welfare Coalition o STRAW coalition para siguraduhin na may mekanismo para dito. Hindi kasi nasusunod ang mga konsultasyon na paglabag ng student rights."

ISYU SA MISCELLANEOUS FEES

Ayon kay Vitriolo, inihihiwalay ang miscellaneous fees sa kabuuang matrikula dahil kinokolekta ang mga bayaring ito para sa mga espesipikong pangangailangan ng paaralan. "Kung nangolekta ka ng library fee, dapat sa library mo gamitin 'yan. Pambili ng libro, pampaganda ng library. Hindi mo puwedeng gamitin sa isports." Sa Pamantasang Ateneo de Manila, halimbawa, ihinihiwalay rin ang tinatawag na Basic Fees o mga bayaring binabayaran ng lahat ng mag-aaral (library fee, registration fee, atbp.) sa miscellaneous fees o mga bayaring espesipiko lamang sa mga serbisyong nakukuha ng isang mag-aaral gaya ng yearbook, ID, OrSem, PE at NSTP.

Sa dating CMO 13, hindi kasama ang miscellaneous fees sa mga kailangang ikonsulta sa mga estudyante kaya naman kadalasang nagkakaroon ng problema sa mga paaralang gumagamit ng "imaginary fees" para lamang pataasin ang mga bayarin. Ilang halimbawa nito ang "spiritual development fees," "publicity and promotions fees," "affiliation fees," "cultural fees," at "computerization fees." Bukod dito, mayroon ding naniningil nang paulit-ulit na bayarin sa pamamagitan lamang ng paggamit ng ibang katawagan. Halimbawa nito ang paniningil ng "aircon fee" kasama ng "energy fee" at kung ano-ano pa.
Nito lamang Pebrero 2012, inilabas ng CHED sa publiko ang mga rebisyon ukol sa karampatang proseso ng pagtataas ng matrikula sa mga kolehiyo at unibersidad, kabilang na ang pagsasama sa miscellaneous fees sa mga dapat ikonsulta sa mga estudyante. Ipatutupad ang rebisyong ito sa susunod na taong pampanuruan 2013-2014.

MAKATWIRAN BA?

Kapansin-pansing taon-taon na lamang nagtataas ng matrikula ang karamihan sa mga pribadong pamantasan. Gayunman, para kay Tingson, masasabing makatwiran pa rin ang pagtataas na ito "kung justified at payag 'yong mga estudyante." Idinagdag rin ni Atty. Vitriolo na kung taon-taon man ang gagawing pagtataas, maliit na porsiyento lamang ito at hindi ganoon kabigat para sa mga mag-aaral.

Masasabi nga bang mas maluwag ang patakaran para sa mga pribadong paaralan? Paliwanag ni Vitriolo, "Hindi naman, kasi malakas nga ang aming kontrol sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad. Puwera na lang kung ang mga kolehiyong ito ay autonomous at saka deregulated. Kung sa paglipas ng mga taon, makikita ng CHED na napananatili ng pamantasan ang mataas na kalidad ng edukasyon, binibigyan ng estadong "autonomous" ang nasabing paaralan. Kasi, kaya namin sila binibigyan ng estadong autonomous o deregulated para hindi namin sila masyadong usisain."

Sa panig naman ng SUCs, masasabi mang hindi tuwirang lumiit ang badyet na inilalaan ng gobyerno, naging mas komplikado naman ang pagkuha ng perang kailangan ng mga paaralan. Kaugnay nito, maraming mga pamantasan ang napipilitang maging self-sufficient at hindi na masyadong umaasa sa pera mula sa gobyerno. Isang halimbawa nito ang Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman na nagpaparenta ng ilang bahagi ng kanilang lupain sa malalaking kompanya gaya ng Ayala Land upang kumita ng pera para sa pamantasan.

EPEKTO


Ayon sa pag-aaral na ginawa ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) noong 2008, 73% ng mga estudyante sa kolehiyo ang napipilitang mag-drop out dahil sa sobrang laki ng gastos sa edukasyon.

Ani Vitriolo, "May pagpipilian ang mag-aaral: maaaring tumigil muna sila sa pag-aaral, o di kaya'y magtrabaho at mag-ipon muna. 'Yong iba naman, maaaring lilipat sa pribadong paaralan na mas mababa o sa SUCs kung saan mababa talaga ang tuition." Sa kasalukuyan, bumababa ang

bilang ng mga mag-aaral na pumapasok sa pribadong kolehiyo at unibersidad. Mula sa dating 80-20% distribusyon ng mga estudyante sa pribado at pampublikong kolehiyo, bumaba ang enrollment rate ng pribadong sektor at naging 60-40% distribusyon.

Pagdadagdag ng scholarship programs ang sagot dito ng mga pribadong paaralan. Sa Ateneo, "Sinisiguro natin na may porsiyentong nakukuha sa tuition na napupunta sa scholarship. Kapag tumataas ang tuition, tumataas din 'yong bahagi na pumupunta sa scholarship," pahayag ni Vergara.

Kinakikitaan naman ito ng problema sa panig ng SUCs. Paliwanag ni Vitriolo, "Kung lumaki nang lumaki [ang bilang ng mga estudante] at hindi naman nadadagdagan ang bilang ng SUCs, kailangang mag-expand ng facilities, magtayo ng mas maraming silid-aralan, at magtalaga ng mas maraming guro. Siyempre, hihingi ng mas malaking badyet 'yan. [Kung] hindi naman kaya ng badyet, kailangan sa other income sila magbuhat."



MAY PRESYO NGA BA ANG EDUKASYON?

"Kung mataas ang matrikula, mataas rin ang kalidad ng hatid na edukasyon." Natural na ito ang maiisip ng isang karaniwang Filipino kung gagamiting basehan ang estado ng lipunang kaniyang ginagalawan ngayon. Kung sino ang sikat, matagumpay at itinuturing na may pinag-aralan—siya iyong nagmula sa pribadong paaralan.

Para kay Vitriolo, "Ang edukasyon, lalo na ang private education, mataas ang private returns niyan o investment. 'Pag nakatapos ka ng kolehiyo, alam natin na mas mataas ang naabot mo, mas malaki ang potensiyal mo, versus doon sa hindi nakapag-aral. Kaya nga may presyo iyong edukasyon."

Gayunman, hindi sa lahat ng pagkakataon masasabing totoo na kung mataas ang matrikulang sinisingil, mataas din ang kalidad ng edukasyong hatid. Nangyayari ito kung napupunta sa tama ang mataas na singil. "Kung ikaw ay talagang committed sa de-kalidad na edukasyon, hindi ka mag-aatubiling taasan din ang matrikula dahil gagamitin mo iyon sa de-kalidad na pagtuturo," paliwanag ni Vitriolo. Gayon din, para kay Vergara, "Your capacity to pay more defines the quality of teachers you take in and the quality of facilities you maintain."

ESTADO NG EDUKASYON SA BANSA

Para kay Vitriolo, "mature" ang sistema ng edukasyon sa Filipinas. "Tayo ang may pinakamalaking private school system sa buong mundo. [Bukod dito], ang Filipino graduate, siya 'yong choice of graduate ng maraming bansa. Hindi lang sa nursing profession, sa engineering, as well as others."

"Pampubliko man o pribado, mali 'yong sistema ng edukasyon sa Filipinas." Ito naman ang pahayag ni Tingson ukol sa patuloy na pagtaas ng presyo ng edukasyon sa kolehiyo. Para sa kaniya, "Sana balikan at balikan [natin] 'yong konsepto na ang edukasyon, dapat libre, [dahil] ang edukasyon ay karapatan. Each and every person deserves a good education—not just an education but a good education."

PAGTANAW


"[Sa Ateneo], we have a good campus, we maintain good teachers, we do quite well," pahayag ni Vergara. Subalit kung lalawakan natin ang ating pagtanaw at lalabas sa komportableng kapaligiran ng Katipunan, ano na nga ba ang estado ng edukasyon sa bansa? Bakit nga ba nagtatayo ng mga paaralan? Para nga ba magturo at magbigay ng dignidad sa mga mag-aaral na makatatapos sa kolehiyo? O para kumita ng pera?

Sa huli, isang hamon ang iniwan ni Tingson kasabay ng pagtanaw sa kinabukasan ng edukasyon. "Kung walang mass movement, walang kabataan na magtutulak na pabilisin at pagandahin ang kalidad ng edukasyon, baka mamatay ito sa mga kamay ng mga administrador na gumagawa lang ng paaralan para kumita ng pera." M

**Isinalin mula Ingles*

TRAPIKO ATENISTA

nina Leslie Anne Mendoza at Robert Alfie Peña
sining ni Leo Marcelo
lapat ni Reg Onglao



Ano-anong mga pagbabago ang maaasahan ng mga Atenista sa pagkakabuo sa Ateneo Traffic Group? Matutugunan na nga ba ang problema sa trapiko?

Ilan na nga ba ang nahuli sa kanilang mga klase dahil sa mabagal na daloy ng trapiko sa Katipunan? Ilan naman kaya sa iba pang dumaraan sa Katipunan ang napagalitan sa trabaho dahil palaging huli at dahil laging idinadahilan na trapik?

Maaaring sabihin na hindi lamang sa Katipunan nasasaksihan ang pagbubuhol-buhol ng trapiko dahil sa totoo lamang, totoo siya sa halos lahat ng pangunahing daan sa Kalakhang Maynila, lalo na kapag sumasapit ang "rush hour." Tinatayang 128 bilyong piso ang nawawala taon-taon sa produktibidad ng bansa dahil sa mabagal na usad ng mga sasakyan. Ngunit espesyal na kaso ang Katipunan para sa mga Atenista dahil dito sila dumaraan araw-araw sa pagpasok sa kanilang mga klase. Nitong

taon lamang, binuo ang Ateneo Traffic Group upang solusyunan ang problema sa trapiko ng Katipunan.

ATENEO TRAFFIC GROUP

Hindi lamang isyung pang-Atenista ang usapin ukol sa trapiko sa Ateneo. Ayon kay Jose Arnulfo Batac, direktor ng Facilities Management Office, tanging ang tatlong gate lamang na nakaharap sa Katipunan ang maaaring daanan ng mga sasakyang papasok at palabas ng kampus. Bahagi ang Katipunan ng Circumferential Road 5 (C-5) kaya naman apektado ng trapiko sa Ateneo ang daloy ng mga sasakyan sa labas.

Isa lamang ang C-5 sa anim na circumferential roads na pumapaikot sa Kalakhang Maynila. Pitong lungsod ang dinaraanan nito. Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang pagdurugtong dito sa mga bahaging pa-Hilaga at pa-Timog. Batay sa mga plano ng pamahalaan, nalalapit nang ipatupad ang pagbubukas ng C-5 bilang pangunahing daang magkokonekta sa North at South Luzon Expressways. Upang tugunan ang epekto nito sa problemado nang trapiko sa Ateneo, binuo ni P. Jose Ramon Villarin, SJ, pangulo ng pamantasan, ang Ateneo Traffic Group (ATG). Nakikita ni Villarin ang pagtugon sa problema sa trapiko bilang bahagi ng kaniyang mga plano para sa isang sostenibleng kampus at para sa kalikasan sa pangkalahatan. Ayon pa sa kaniya, "Kinakailangan natin ang matalinong pag-iisip at lakas ng loob upang bumuo ng bagong balangkas para sa campus mobility."*

Tungkulin ng ATG na bumuo ng mga pansamantala at pangmatagalang plano para sa trapiko sa kampus. Sinimulan na ang implementasyon ng ilan sa mga mungkahi ng ATG base na rin sa kanilang mga pag-aaral at konsultasyon sa komunidad ng Ateneo.

Miyembro ng ATG sina Jose Arnulfo Batac; Dr. Edna Franco, dating Vice President for Administration and Planning; Dr. Czarina Saloma-Akpedonu, guro ng sosyolohiya at direktor ng Institute of Philippine Culture; Abigail Favis, guro ng environmental science at coordinator ng Ateneo Environmental Management Council; at Dr. Kardi Teknomo, guro ng information systems at computer science. Sa kasalukuyan, pinalitan ni P. Nemesio Que, SJ si Franco sa ATG bilang bagong VP for Administration and Planning.

TRAPIKONG ATENISTA

Pinakadama ang problema ng Ateneo sa trapiko tuwing umaga. Kuwento nga ni Abigail Favis, noong 2006-2008 ay kinakailangan niyang pumasok ng 6:30 ng umaga para sa kaniyang klase ng 7:30 upang iwasan ang mabigat na trapiko sa Katipunan. "Pero ngayon, [nitong] huling dalawang taon, napansin ko na 'yong peak hours ay mas maaga na. 6:00 pa lang, mayroon nang pila ng kotse sa daan," ani Favis. Kaya naman mas maaga pa siya ngayon kung pumasok upang maiwasan ang mabagal na pag-usad ng mga sasakyan sa Katipunan.

Ayon pa kay Favis, bumabagal din ang trapiko tuwing tanghali dahil sa labasan ng Grade School; mula 3:00-4:30 ng hapon dahil naman sa sabay na labasan ng Ateneo Grade School (AGS) at Ateneo High School (AHS); at mula 6:00-8:30 ng gabi. Pribadong mga sasakyan ang bulto ng mga bumabagtas ng mga daan papasok at palabas ng kampus. Maliit lamang ang bilang ng mga pampubliko at mga sasakyang maramihan kung magsakay. Mahalaga itong obserbasyon para sa ATG, ayon kay Favis.

Isa naman si Erwin Gavino (III BS Mgt) sa mga araw-araw na nagmamaneho sa trapiko ng Katipunan. Katulad ni Favis, inaagahan na lamang din niya ang pasok sa eskuwelahan upang iwasan ang malalang trapiko kapag umaga. Papuntang Ateneo, binabagtas niya ang Marcos Highway at Katipunan. Aniya, madalas siyang abutan ng mabagal na daloy ng trapiko tuwing labasan ng AGS at AHS. Naiipit din siya sa daan kapag naglalabasan na ang malalaking trak. Para kay Gavino, malaking dahilan ng malalang trapiko ang posisyon ng AGS relatibo sa Katipunan, "Dahil nasa pinakaharap ang Grade School, at sila pa marahil ang may pinakamaraming sasakyan, umaabot agad ang trapiko sa labas ng Ateneo."

KINAKAILANGAN NATIN ANG MATALINONG PAG-IISIP AT LAKAS NG LOOB UPANG BUMUO NG BAGONG BALANGKAS PARA SA CAMPUS MOBILITY.

P. Jose Ramon Villarin, SJ
Pangulo ng Pamantasan

Kaya namang dalhin ng kampus ang bilang ng mga sasakyang dumaraan dito, ayon sa ATG. Pinag-aralan ng ATG ang kapasidad ng mga gate, ruta at kalsada, at drop-off points sa loob ng pamantasan. Nakita nilang sapat naman ang kapasidad ng mga kalsada sa bilang ng mga sasakyan. Nagkakaroon umano ng problema at pagbibigat ng trapiko kapag walang koordinasyon ang mga sasakyan sa mga rutang daraanan at sa tinutumbok na drop-off points. Sa kaso ng Grade School dati, maaaring magbaba ang mga sasakyan kahit saan nila gusto. Malaking oras din ang kinakain ng tinatawag ni Favis na mga "ritwal sa pagbaba"—mula sa pagpapaalam sa magulang, pagbababa ng bag, hanggang sa pagtawid at pagpila ng mga estudyante.

Isang kongkretong polisiyang tutugon sa mga nasabing isyu na ipinatutupad na ngayon sa Grade School ay ang pagtatalaga ng mga drop-off points kada taon ng estudyante. Ayon kay Favis, "Kapag dedicated kasi, walang pagkalito sa kung saan pupunta ang sasakyan. Pati 'yong paggamit ng anong kalye at anong gate, magkakaroon ng designation, magiging malinaw ang paghahati kung nasaan ang sasakyan." Mungkahi naman ni Gavino na maiplano nang maayos ng Grade School at High School ang oras ng pasukan at labasan nila nang sa gayo'y hindi sabay-sabay ang paghahatid-sundo sa Ateneo. Kasalukuyan na ring ipinatutupad ang paghihiwalay ng mga sasakyang papasok ng pamantasan sa magkaibang lanes batay sa pagkakaroon ng sticker ng sasakyan.

KAILANGANG IMPRASTRUKTURA

Nais isulong ng ATG ang paglalakad sa kampus. "Isa pang estratehiya na gusto nating maiayos sa kulturang Atenista ['yong ayaw maglakad]—gusto nating isulong ang paglalakad," ayon kay Franco. Isang

isyung lumabas sa ginawang konsultasyon ng ATG ang kakulangan sa mga lalakarang bangketa. Kaya naman binabalak ng ATG na gumawa ng tuloy-tuloy na bangketang magdurugtong sa iba't ibang bahagi ng pamantasan. Kaugnay rin nito ang pagtatayo ng bubong na tatakip sa mga ito upang proteksiyunan ang mga naglalakad, ngunit mas priyoridad ngayon ang pagdaragdag ng mga madaraanan. Modelo ngayon ang tapos nang bangketang may bubong sa AGS.

Pinag-aaralan din ng ATG ngayon ang pagdaragdag ng gate na madaraanan papasok at palabas ng Ateneo. Dalawa sa mga tinitingnan nilang posibilidad ay mula sa Aurora Boulevard para sa Grade School at mula sa Mangyan Road, sa La Vista, para sa High School. Aminado si Batac na hindi magiging mabilis o madali ito kaya masusi nilang pinag-aaralan ang nasabing mungkahi. Nangangahulugan din ang planong ito ng masusing koordinasyon sa mga maaapektuhang komunidad.

Isa naman ang problema sa parking sa mga nabanggit mismo ni Villarin sa pagpapasinaya sa kaniya bilang ika-30 pangulo ng pamantasan. Ayon sa kaniya, "Kailangan nating bumuo ng mga parke, hindi dagdag na parking." Ayon naman kay Batac, tinitingnan nila ngayon ang posibilidad ng pagkakaroon ng pay parking at carpark buildings. Pinag-aaralan umano ngayon ng ATG ang reaksiyon ng komunidad sa mga nasabing panukala.

Ilan pa sa mga panukala ang pagkakaroon ng mga bike lane at shuttle na magsasakay at magbaba ng mga estudyante papasok at palabas ng kampus. Hindi isinasantabi ng ATG ang pagkakaroon ng alternatibong paraan ng daloy ng mga sasakyan sa pamantasan, ngunit para sa kanila, mas priyoridad ngayon ang mga bangketa na magagamit agad-agad ng komunidad. Problema rin, ayon kay Favis, ang koneksiyon ng bike lane at shuttle palabas ng Ateneo. "Medyo limitado 'yong pagkakataon para sa bike lane kung dito lang sa loob," ayon pa sa kaniya. Isa rin sa mga tinitingnan ng ATG ngayon ay ang epekto ng mga komersiyal na establisimyento sa kabilang bahagi ng Katipunan. Nangunguna ang kawalan ng parking para sa mga sasakyan, at maling

GUSTO MO DOON BABABA SA EKSAKTONG HARAP NG GATE.

Dr. Edna Franco
dating VP for Administration and Planning

babaan at sakayan ng dyip sa mga problemang kinakaharap ngayon ng mga establisimyento sa Katipunan.

Sa pangunguna naman ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), naisaayos na ang mga U-turn slot sa Katipunan. Sa mga konsultasyong isinagawa sa mga apektadong pamantasan tulad ng Ateneo at Miriam, at sa pamahalaang pambarangay ng Loyola Heights, napagdesisyunang isara ang ilan sa mga U-turn slots na nagdudulot ng pagsisikip ng trapiko. Ayon kay Franco, kinakailangan pa ring maging disiplinado ng mga nagmamaneho sa paggamit ng U-turn slots dahil malaking espasyo pa rin ang nakakain ng mga sasakyan maski naisaayos na ang mga posisyon nito.

"Ang layunin ay mabawasan ang gumagamit ng kotse," giit ni Franco. Maraming problemang matutugunan kung mababawasan nga ang bilang ng mga sasakyan—mula sa isyung pangkalikasan tulad ng polusyon hanggang sa pantrapiko. Sa kasalukuyan, isinusulong ng pamantasan ang mas malawak na carpooling. Ngunit, aniya, kaakibat ng pagbabawas sa bilang ng mga sasakyan ang pagpapaunlad sa pampublikong transportasyon sa kahabaan ng Katipunan at sa mga koneksiyon nito sa iba't ibang panig ng Kalakhang Maynila. Mahalaga para kay Franco ang pagpapaigi ng koneksiyon ng Ateneo sa ikalawang linya ng LRT. Gayon din, makatutulong umano kung magkakaroon ng linya ng bus na dadaan sa Katipunan.

PAGBABAGO NG KULTURA

Nagkakaisa sina Gavino at Franco na bahagi lamang ang Ateneo ng mas malaki pang sistema. Ngunit para kay Gavino, malaki ang responsabilidad ng Ateneo para solusyunan ang problema sa trapiko, "Dapat magawan ng paraan ng Ateneo ang problemang ito sa trapiko dahil hindi lamang mga Atenista ang dumaraan sa Katipunan. Ang trapiko sa Katipunan ay nakaaapekto rin sa mga papasok sa trabaho, mga delivery van, atbp."

Ayon naman kina Favis at Franco, produkto ang problema sa trapiko ng dinamika ng imprastruktura at gawi ng tao sa loob at labas ng kampus. Sa bahaging ito, binanggit nila na malaking bahagi ng problema sa trapiko ang pagkabuo ng tila isang kultura sa mga Atenista—pagpapahatid-sundo at pag-iwas sa paglalakad. Bunga na rin marahil ang kulturang ito ng nakasanayan na magmula nang pumasok ang isang Atenista sa grade school, hanggang sa pagtuntong sa high school, hanggang sa pagpapasok sa kolehiyo.

"Unang-una, kailangang tanggapin 'yong pangunahing dahilan ng problema. Karamihan kasi iniisip na dahil maraming sasakyan. Totoo naman 'yon, pero kailangang tanggapin nating dahil din ito sa paggamit ng tao," ani Favis. Kung gayon, aniya, kailangang tugunan nang sabay ang dalawang aspekto ng imprastruktura at pag-uugali. Ayon sa kaniya, nangunguna sa ilalim ng pag-uugali ang disiplina ng mga motorista at maging ng mga tumatawid sa kalsada. Malaki na umano ang magagawa ng simpleng pagsunod sa mga patakarang pantrapiko sa loob ng kampus, ayon kay Franco. Dagdag pa niya, kailangang baguhin ang nakagisnan nang "Gusto mo doon ka bababa sa eksaktong harap ng gate."

Bahagi ngayon ng ulat ng ATG ang mga rekomendasyong tutugon sa dalawang aspekto. "Mayroon kaming mahabang listahan ng rekomendasyon," sabi ni Favis.

Alam ng mga miyembro ng ATG na mananatiling rekomendasyon lamang ang kanilang trabaho kung walang kooperasyon ng mas malawak na komunidad—ng Brgy. Loyola Heights, Miriam at maging ng U.P. Dito lamang sa Ateneo ay sinimulan na ang koordinasyon ng iba't ibang yunit upang ipatupad ang mga rekomendasyon mula sa ATG. Pinag-isa na ang dating hiwa-hiwalay na polisiyang pantrapiko ng Grade School, High School, at ng mga Paaralang Loyola.

*Isinalin mula Ingles

Tatak

ni Noel Clemente
kuha ni Ingrid Espinosa
lapat ni Bambi San Pedro at Benjhoe Empedrado



Dungis lang ba
o sining na
maituturing



ang halo-halong
aerosol na
isinaboy sa
dingding:



isang maarteng
tatak
sa pader



o sagisag
na may
ikinukubling
lihim

abstraktong
sining biswal ba
ang dating





o
mga
titik
na
may
nais
sabihin



nina Jan Fredrick Cruz at Exequiel Salcedo
may ulat ni Francis Manuel
sining nina Precious Baltazar at Iza Jonota
lapat ni Benjhoe Empedrado

NANG MAG-WANGWANG ANG DAANG MATUWID SA BATASAN

ANG KARERA NG NUMERO SA KAMARA, AT ANO ANG NAPALA NG BANSA SA PAGPAPATALSIK KAY CORONA

Ang wangwang—ang malakas na sirena galing sa magagarang behikulo ng mga politiko at matataas na opisyal ng gobyerno. Ngunit higit pa sa isang salitang tumutukoy sa partikular na tunog, ang "wangwang" din ay isang paglalarawan sa kakayahaan ng mga impluwensiyal na personalidad sa lipunan na madaliin ang mga bagay-bagay dahil sa laki at saklaw ng kapangyarihang pinanghahakawan nila sa lipunan. Hindi tulad ng ordinaryong Juan na kailangang magtiis sa mabagal na daloy ng trapiko sa lansangan, naririto ang mga lulan ng mga kotseng tumatakbong tila hindi sakop ng batas-trapiko—kayang mapabilis ang lakad dahil may kapangyarihan—dahil may wangwang ang sasakyan.

"Kung walang corrupt, walang mahirap." Isa ito sa islogang ginamit ni Pangulong Benigno Simeon Aquino III sa kaniyang kampanya noong 2010. Kaakibat nito ang pangako ng pagbabago at pagtatayo ng "daang matuwid"—isang daang walang "wangwang" at wala nang "shortcut." Sabi nga ng pangulo sa kaniyang inaugural address: "Kayo ba ay nagtiis na sa trapiko para lamang masingitan ng isang naghahariang de-wangwang sa kalsada? Ako rin. Kayo ba ay sawang-sawa na sa pamahalaang sa halip na magsilbi sa taumbayan ay kailangan pa nila itong pagpasensiyahan at tiisin? Ako rin."

Magkagayon, ibang imahen ang nasaksihan ng taumbayan noong ika-12 ng Disyembre, taong 2012. Nang wala man lamang deliberasyon—at nang hindi man lamang nababasa ng karamihan ang may limampung pahinang dokumento—lumagda ang 188 na kongresista, pawang kaalyado at kapartido ng pangulo, sa impeachment

complaint laban sa punong mahistrado noon na si Renato C. Corona. Ang naturang hakbang ay pagtatama lamang daw ng mga mali ng nagdaang rehimen—si Corona bilang repleksiyon ng pagnanais ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na iligtas ang sarili sa pananagutan, baluktutin man ang mga umiiral na batas.

Masasabi nga kayang tungo sa "daang matuwid" ang isang pagkilos na sa halip na dumaan sa mahabang lansangan ng demokratikong proseso, minabuting madaliin at gamitan ng "wangwang" ng pera at impluwensiyang politikal?

MAGKASUNOD NA ARAW, MAGKASUNOD NA IMPEACHMENT

Nagsimula ang lahat sa isang tawag mula sa tanggapan ni Ispiker Feliciano Belmonte, Jr., kaalyado ng pangulo sa Partido Liberal, nang Lunes, ika-12 ng Disyembre ng nakaraang taon. Inimbitahan ang mga miyembro ng mayorya ng Kamara de Representantes na magtungo sa Bulwagang Andaya—ang pinakamalaking silid sa Batasan—dahil may pag-uusapan umano.

"Walang advanced notice," itinuran ni Kinatawan Tobias Tiangco ng Navotas, dating kasapi ng mayorya at tumestigo sa panig ng depensa noong impeachment trial ng punong mahistrado. " [Noong mismong miting lang sinabi na] ang pag-uusapan dito ay 'yong impeachment ni Chief Justice Corona. We have to impeach him dahil siya'y kakampi ni GMA, at habang siya'y naandiyan, hindi maipagpapatuloy ni Presidente Noynoy ang kaniyang magagandang programa."

Sa pagtataya ni Tiangco, bago pa man itong miting sa bulwagan, may mga ugong-ugong na sa media ukol sa palapit na impeachment kay Punong Mahistrado Corona. Linggo nang mapag-alaman ng kinatawan ng Navotas ang plano ng mayorya sa Kongreso.

"[Araw ng] Linggo [nang] nadinig ko [ang planong impeachment]. Ibig sabihin, the Wednesday [ika-7 ng Disyembre] before that, the last session day before that, katatapos lang magbotohan ng form and substance noong impeachment ni Justice del Castillo," ani Tiangco. Bago pa man si Corona, nauna nang sinampahan ng impeachment complaint si Associate Justice Mariano del Castillo dahil sa alegasyon ng plagiarism sa isang isinulat na desisyon, at nagsasagawa pa lamang noon ng mga pagdinig ang Committee on Justice ng Mababang Kapulungan.

"Miyerkoles, nagbotohan sa committee level ng impeachment no'ng kay del Castillo. Tapos sa Lunes—on the next session day—mag-i-impeach ka na naman ng—ito chief justice na. Hindi ako makapaniwala noong una, na malakas ang loob nila na mag-i-impeach ng dalawang Supreme Court justices in two consecutive days," pahayag ni Tiangco.

> **SABI [NG ISPIKER], PAGKATAPOS NG POWERPOINT PRESENTATION, 'YONG GUSTONG PUMIRMA, PUMIRMA. 'YONG AYAW, HUWAG PUMIRMA. AT PANG-APAT [NA SINABI NI BELMONTE]: 'THIS IS NON-DEBATABLE. NO QUESTIONS WILL BE ENTERTAINED.'**
>
> *Kin. Tobias Tiangco*
> *Kinatawan ng Navotas*

"KUNG BOBOTO KA RITO, KAKAMPI KA NI PNOY"

Magkagayon, ang bali-balita ay naging totohanan. Nagsimula ang pulong ng 2:30 n.h., na pinangunahan ni Ispiker Belmonte. Sa salaysay ni Tiangco, ipinaalam muna ni Belmonte sa mayorya na naghanda si Iloilo Rep. Niel Tupas, Jr., kasapi ng Partido Liberal at tagapangulo ng Committee on Justice, ng Powerpoint presentation ukol sa ihahaing impeachment laban kay Corona.

"Sabi [ng Ispiker], pagkatapos ng Powerpoint presentation, 'yong gustong pumirma, pumirma. 'Yong ayaw, huwag pumir-

ANG MGA KATANUNGAN SA KREDIBILIDAD AT INTEGRIDAD NG

Ilang Mahistradong Itinalaga Ni Arroyo



ASSOC. JUSTICE VELASCO, JR.

Ayon sa librong "Shadow of Doubt," tinulungan niya umano ang anak na si Lord Allan na mangakampanya bilang kongresista sa Marinduque noong 2010.



ASSOC. JUSTICE LEONARDO-DECASTRO

Miyembro ng Sandiganbayan na nagbigay-hatol kay dating Pangulong Joseph Estrada, kalaban sa politika ni Arroyo, ng guilty sa kasong plunder.

ma. At pang-apat [na sinabi ni Belmonte]: 'This is non-debatable. No questions will be entertained,'" pagsasalaysay ni Tiangco.

Sa puntong ito, may ilang kongresista na nagpahayag ng agam-agam. Ayon kay Tiangco, kinuwestiyon ni Kinatawan Rodolfo Biazon ng Muntinlupa ang proseso. "Sabi niya, 'Bakit naman kayo ganito? Papatawag kayo ng meeting, walang agenda. Ngayon, [sa] mas mahalagang bagay [tulad nito], mas alam pa ng media sa labas na impeachment ang pag-uusapan, kami hindi namin alam.' At pangatlo, 'paano niyo kami papipirmahin nang wala kaming nababasang kopya?'" salaysay ni Tiangco. Bagaman miyembro ng Partido Liberal, bukod pa sa ang anak ay tumakbo bilang senador noong 2010 sa Aquino-Roxas ticket, hindi lumagda si Biazon sa impeachment complaint.

Dagdag pa ni Tiangco, tinutulan ni Kin. Hermilando Mandanas ng Batangas ang planong pagpirma sa mga artikulo ng impeachment. Si Mandanas ay miyembro ng Partido Liberal mula pa 2003 at tagapangulo ng Committee on Ways and Means, isa sa pinakamakapangyarihang komite sa Batasan. Ayon kay Tiangco, ang reklamo ni Mandanas ay sinagot ni Mandaluyong Rep. Neptali Gonzales, Jr., miyembro ng Partido Liberal at Majority Floor Leader: "Sinabihan si Congressman Mandanas na 'Simple lang ito. Kung boboto ka rito, kakampi ka ni PNoy. Kung hindi ka boboto, e kalaban ka ni PNoy.'" (Hindi pumirma si Mandanas.)

Itinuloy ni Kin. Tupas ang kaniyang Powerpoint presentation, na sa salaysay ni Tiangco, "bullet points lang ang sinasabi niya. 'Ito ang grounds for impeachment. Article One is ganito.' Kung titingnan mo ang impeachment complaint, fifty eight pages yata iyon, di ba?"

NILAGAY SA CONGRESS KASI 'YONG KUMUHA SA MGA TAONG ITO [O ANG NAGHALAL SA KANILA] AY TAYONG MGA MAMAMAYAN. IT'S A POLITICAL PROCESS IN THAT SENSE.

Ramon Casiple
Institute for Political and Electoral Reform

Bandang ika-4 n.h., nagsimula ang pirmahan ng impeachment complaint; nagsilbing saksi sina dating Kinatawan ng Akbayan Risa Hontiveros, Leah Navarro, at Juan Carlo Tejano ng Bantay Gloria Network. Sa normal na proseso ng impeachment, kinakailangang dumaan ang complaint sa mga committee hearing (tulad sa kaso ni Del Castillo) bago ihain sa Senado ang mga artikulo ng impeachment. Sa kaso ni Corona, ginamit ang "shortcut route"—ang pagpirmang umeendoso sa reklamo ng hindi bababa sa 95 na kongresista, o isang-katlo (1/3) ng lahat ng kasapi ng Kamara.

Pagsapit ng 7:30 n.g., may 188 kongresista na ang lumagda sa reklamo—at sa loob lamang ng humigit-kumulang limang oras, si Corona ang naging kauna-unahang miyembro ng hudikatura na matagumpay na nasampahan ng impeachment.

PERA AT POLITIKA: ANG DALAWANG MUKHA NG KAMARA

Kinabukasan, nagsalita sa isang privileged speech si Tiangco upang kondenahin ang bilis ng pag-apruba ng impeachment complaint. Iniwan din niya ang mayorya at naging independiyente, bukod sa binitawan niya ang pamumuno sa Committee on Metro Manila Development. Ika-14 naman ng Disyembre, inalis kay Mandanas ang pamumuno sa Committee on Ways and Means. Dahil dito, iniwan na rin si Mandanas sa Partido Liberal, bagaman miyembro pa rin ng mayorya.

Hindi naging madali para kay Tiangco ang sumunod na limang buwan matapos ang pirmahan ng impeachment complaint. Laging huli ang natatanggap niyang Priority Development Assistance Fund (PDAF), o mas kilala sa tawag na "pork barrel." Dapat mapasakamay ng mga mambabatas ang kanilang PDAF bandang Abril 2012; natanggap ni Tiangco ang bahagi niya sa katapusan ng Mayo. Dahil dito, nagkaproblema umano ang mga programang iskolarsyip at medical assistance sa kaniyang distrito.

Dagdag pa niya, "Sa imprastruktura, alam naman natin na the best time to build is during the summer months, so kung ire-release sa iyo ng Mayo papuntang Hunyo, kailangan mo pa mapapagawa ang pagawain? E kung school building iyon?" Aniya, hindi natutugunan nang maayos



ASSOC. JUSTICE
BRION

Nagsilbi siya kay Arroyo bilang kalihim ng Department of Labor and Employment. Itinalaga siya sa Korte Suprema sa kasagsagan ng "Hello Garci!" scandal.



ASSOC. JUSTICE
PERALTA

Kasama ni Leonardo-De Castro sa Sandiganbayan na nagbigay-hatol kay Estrada. Ang ama nina Peralta at Macapagal-Arroyo ay magkumpadre.

ang pangangailangan ng kaniyang distrito dahil sa delay sa paglabas ng pondo.

Kung tutuusin, mapalad pa si Tiangco dahil nakatatanggap pa siya ng pork barrel. Ayon sa isinagawang pag-aaral ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), bagaman nasa pagitan ng 70 at 120 milyong piso ang natanggap na pork barrel ng karaniwang mambabatas mula Hunyo 2010 hanggang Hunyo 2012, may ilang kongresista na nakatanggap ng mas mababa pa sa 70 milyong piso: si Gloria Macapagal-Arroyo, dating pangulo at ngayo'y kinatawan na ng Pampanga; ang mga anak niyang sina Kin. Diosdado M. Arroyo ng Camarines Sur at Kin. Juan Miguel M. Arroyo ng Ang Galing Pinoy party-list; at mga kaalyadong sina Kin. Jun Omar Ebdane at Kin. Mitos Magsaysay ng Zambales, Kin. Ma. Rachel J. Arenas ng Pangasinan, at Kin. Augusto L. Syjuco, Jr. ng Iloilo. Ilan sa kanila, noon pang 2010 huling nakatanggap ng pork barrel.

Sa isinagawang pag-aaral din ng PCIJ, napag-alaman na ang mga buwan na may pinakamalaking pondong inilabas ang Department of Budget and Management (DBM) para sa pork barrel ay malapit sa mga petsa ng paghahain ng impeachment complaint laban kina dating Ombudsman Mercedita Gutierrez at dating Punong Mahistrado Renato Corona. Sinampahan si Gutierrez ng impeachment complaint noong ika-22 ng Marso, 2011; ang halagang inilabas ng DBM para sa PDAF noong Abril 2011 ay 3.94-bilyong piso. Si Corona naman ay sinampahan ng impeachment complaint noong Disyembre 2011. Aabot sa 3.76 na bilyong piso ang inilabas na pera ng DBM para sa buwang iyon. Sa simpleng pag-"oo" o "hindi" sa tindig ng palasyo, laang-serbisyo para sa mga mamamayan ang nakataya.

PAGBOTO NI CORONA AT NG IBA PANG PGMA APPOINTEES SA KORTE SUPREMA (2008-2010)

Ngalan ng Hukom	CORONA*	CARPIO	VELASCO	DE CASTRO	BRION	PERALTA	BERSAMIN	DEL CASTILLO	ABAD	VILLARAMA	PEREZ	MENDOZA
Taong Itinalaga sa SC	2001	2002	2006	2007	2008	2009	2009	2009	2009	2009	2009	2010
Biraogo vs. The Philippine Truth Commission of 2010	✓	✗	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✗	✓	✓	✓
Ruling on the validity of the Human Security Act of 2007 (Anti-Terror Law)	✓	○ (on-leave)	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Aquino vs. COMELEC	✓	✗	✓	✓	✗	✓	✓	✓	○ (on-leave)	✗	✓	✓
De Castro vs. Judicial and Bar Council, et al.	○ (inhibit)	○ (inhibit)	○ (case premature)	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Suzette Nicolas Y Sombilon vs. Alberto Romulo, et al.	✓	✗	✓	✓	✓							
Akbayan vs. Aquino	✓	✓	✓	✓	○ (inhibit)							
Neri vs. Senate	✓	✗	✓	✓	✓							
The Province of Cotabato vs. The Government of the Republic of the Philippines	✗	✓	✗	✗	✗							
Chavez vs. Gonzales	✗	✓	✗	✗								
Boto na sang-ayon kay GMA	8/9	0/9	8/9	9/9	6/8	4/4	4/4	4/4	2/4	3/4	4/4	4/4

LEGEND
- Kasong ang hatol ay pabor kay GMA
- Kasong ang hatol ay di-pabor kay GMA
- * Napatalsik sa pwesto (Impeached)
- Sang-ayon (concurring)
- Tutol (dissenting)
- Hindi bumoto (inhibit)
- Nakaliban (on-leave)
- *"case premature for court to decide on"*

BAKIT NGA BA NASA LEHISLATURA?

Sa salimuot ng kalakaran sa Kongreso, bakit nga ba nasa kanilang kamay ang pagpasa sa Kamara at paghatol sa Senado ng impeachment? Tugon dito ni Ramon



ASSOC. JUSTICE
DEL CASTILLO


Sa isang desisyon na isinulat niya noong Abril 2010, hindi nabigyan ng maayos na citation ang ilang talatang sinipi sa ibang libro. Bagaman umamin si del Castillo sa plagiarism, inabsuwelto siya ng Korte Suprema dahil kasalanan umano ng Microsoft Word ang insidente.



ASSOC. JUSTICE
CARPIO

Isa siya sa mga nagtatag ng Villaraza, Cruz, Marcelo & Angangco Law Office (mas kilala bilang "The Firm"), na dating sumusuporta sa, at kliyente ang, mga Arroyo.

Mula ang mga litrato ng mga mahistrado sa http://sc.judiciary.gov.ph/



Casiple, political analyst at Executive Director ng Institute for Political and Electoral Reform, "Nilagay sa Congress kasi 'yong kumuha sa mga taong ito [o ang naghalal sa kanila] ay tayong mga mamamayan. It's a political process in that sense." Dagdag pa niya, hindi maaaring ibigay sa ehekutibo ang pagdedesisyon sa impeachment lalo na at mag-isa lamang ang pangulo na namumuno rito. Hindi rin maaaring sa Korte Suprema, lalo na at hindi naman ang mga mahistrado ang hinalal na kinatawan ng mamamayan.

Ang kalakasan umano ng ganitong sistema, sa isang demokrasya, kumakatawan sa kagustuhan ng publiko ang desisyon ng Kongreso. Magkagayon, itinuro niyang kahinaan ng impeachment ang pagpasok ng "partisan politics" sa pagdedesisyon.

Ani Casiple, "But then 'we [ang Kongreso] will have to pay the price,' or all of them will have to pay the price. Kaya nga politikal e, kasi there is a higher arbiter. Sino 'yon? Ang tao. Nakita natin 'yon sa EDSA Dos, kung saan hindi nag-agree ang marami sa publiko sa desisyon ng Senado na 'wag buksan ang second envelope." Binigyang-diin ni Casiple na kung nararamdaman ng mamamayan na hindi kumakatawan sa interes ng bansa ang pagkilos sa Kongreso, maaaring idaan ng taumbayan ang protesta sa pamamagitan ng eleksiyon, at ng ibang mekanismong extra-konstitusyonal, tulad ng People Power. Aniya, "Sa isang bahagi, ang pakikialam ng tao sa proseso. Nakikinig yan na parang sila ang iron judge."

MATAPOS SI CORONA—ANO NA?

Sa kaniyang ikatlong State of the Nation Address nitong ika-23 ng Hulyo, ibinida ng pangulo ang paghatol kay Corona bilang tagumpay ng krusada laban sa katiwalian. "Katarungan ang nasaksihan natin noong ika-29 ng Mayo. Noong araw na iyon, pinatunayan natin: Posibleng mangibabaw ang katarungan kahit na ang kabangga mo ay may mataas na katungkulan," ani Aquino.

Malinis na nga ba ang Korte Suprema ngayong wala na si Corona? Siyam sa mga mahistradong naitalaga ni dating Pangulong Arroyo ay nananatili pa sa pinakamataas na hukuman. Minsan nang nakuwestiyon ang integridad at kredibilidad ng ilan sa kanila sa pag-upo sa puwesto.

Kinukuwestiyon kung nakatulong nga ba sa pagpapatibay ng demokrasya ang nangyaring hatol kay Corona sa kabila ng mga akusasyon ng panggigipit sa mga kalaban sa politika gamit ang pork barrel at ang minadaling pagpasa ng impeachment mula Kamara papuntang Senado. Bakit naipasa ng Kamara ang impeachment complaint ni Corona sa loob lamang ng isang araw samantalang ang mga mahahalagang panukalang batas tulad ng sa reproductive health at freedom of information ay ilang dekada nang nakabinbin sa Batasan? Bakit ipinagbawal na magkaroon ng talakayan ukol sa impeachment complaint na bukas sa mamamayan, at minabuti na lamang na palihim na magkaroon ng pirmahan sa Bulwagang Andaya? Bakit ang kasalukuyang rehimen ay gumagamit ng mga taktika (tulad ng pork barrel) na siya din namang ginamit ng dating administrasyong laging binabatikos nito?

Sa huli, isa lamang ang malinaw—ang daan tungo sa ganap na katarungan ay nanatili pa ring bako-bako. m

(*Tala ng patnugot: Sinubukan ng mga manunulat na hingin ang panig ng prosekusyon, partikular na ang tanggapan ni Kin. Rudy Fariñas, ngunit walang tugon na natanggap ang mga manunulat.*)

Sa pagsisiyasat ng *Matanglawin* sa naging boto ng mga mahistradong itinalaga ng dating pangulo sa ilang pagpapasya ng Korte Suprema (2008-2010), malinaw na karamihan sa kanila (liban kay Carpio) ay naglabas ng desisyon na pumapabor kay Arroyo, tulad ng:

(1) Pagdeklara na labag sa Saligang Batas ang pagtatakda ni Pangulong Aquino ng Truth Commission na lilitis sa mga kaso ng katiwaliaan ng nakaraang rehimen
(2) Pagkilala sa legalidad ng Anti-Terror Act, na ginamit ni Arroyo para sa mga warrantless arrest ng mga kalaban sa politika
(3) Pagkilala sa legalidad ng Visiting Forces Agreement o VFA sa pagitan ng Filipinas at Estados Unidos
(4) Pagkilala sa kakayahan ni Arroyo na magtalaga ng Chief Justice sa kabila ng midnight appointment ban
Sa mga kaso naman na ang naging pasya ng Korte Suprema ay hindi pumapabor sa dating pangulo, karamihan sa sampung mahistrado, tumutol sa pasya ng mayorya, partikular na sa:

(1) Pagdeklara na labag sa Saligang Batas ang Memorandum of Agreement on Ancestral Domain sa pagitan ng gobyerno at MILF, na bubuo sana sa Bangsamoro Juridicial Entity
(2) Pagdeklara na hindi labag sa batas ang pagere sa media ng "Hello Garci!" tapes

Pagpaparangya ng *Hari ng Kalsada*

nina Pristine Althea, Benjhoe Empedrado, at Den Noble
may ulat ni Alex Dungca
kuha nina Dyan Francisco at Jeah Dominguez

Hari ng Kalsada. Mercedes Benz o Ferrari ng kaskasero. Pangmasa. Bakal at pintura sa labas, bahay ng mayaman sa loob. Ito ang ilan sa mga bansag sa dyip, mga katagang hindi maitatangging dala ng makulay at madisenyong hitsura ng naturang uri ng transportasyon at repleksiyon ng kasingkulay nating kultura rito sa Filipinas. Dalawang mukha ng sining pangdyip ang ipinamamalas ng ganitong mga bansag: una ang pagiging mukha at pagkakakilanlan ng pang-araw-araw na sining ng masang Pinoy, at pangalawa, ang tinaguriang baduy ng mas nakaririwasa sa buhay.

Noong 1979, naging sentro ng usap-usapan ang panukala ng Ministeryo ng Transportasyon at Komunikasyon na alisin ang tinaguriang Hari ng Kalsada ng Filipinas, na siyang humarap sa sari-saring pagtutol. Sa kaniyang artikulong "Alisin Kamo ang Dyipni? Teka Muna..." tinalakay ni Valerio Nofuente ang napapanahong isyu ng dyip bilang mukha ng sining at kultura, at dyip bilang bakya. Ani Nofuente, ang dyip ang pinakapangkaraniwang uri ng sining na matatagpuan sa kapuluan. Ito umano ang larawan ng praktikalidad at pagkamalikhain ng ating lahi.

Tatlumpu't-tatlong taon mula nang mailahatla ang artikulo at nananatiling mainit na sentro ng debate ang lugar ng dyip sa ating kultura, bagama't hindi sa ating kalsada. Bakya ba ito o uri ng sining? Ano-ano ang pinagmulan ng ganitong mga taguri sa naturang sining? Sa huli, anong mukha ng jeepney art ang mas mananaig sa kaisipan ng mga Filipino, lalong-lalo na ng mga kabataan? Sa henerasyon ngayon ng makabago't minimalistang mamamayan, pareho pa rin kaya ang turing sa dyip?

TERMINAL: SAAN BA GALING ANG MGA DYIP?

Hindi lang kulay at disenyo ang sakay ng dyip. Lulan din nito ang matingkad niyang kasaysayan, maging ang iba't ibang kuwento ng kaniyang mga pasahero. Saksi ito sa pang-araw-araw na pagkayod ng tsuper, ng barker, at ng daan-daang taong umaasa sa bilis nito upang makarating sa paroroonan. Hindi maitatangging bahagi ng kasaysayan ng bayan ang mala-bahagharing behi-

kulo. Ngunit kung ano ang katayuan ng pagkamakulay ng dyip sa kultura natin sa panahon ngayon ay obheto ng maraming masusing talakayan at pagkuwestiyon.

Nagsimula ang kasaysayan ng dyip taong 1940, noong panahon ng mga Amerikano. Nais ng mga puti na magkaroon ng abot-kayang uri ng transportasyon upang mabilis na maipadala sa iba't ibang lugar sa bansa ang kanilang mga produkto't pangangailangan. Ang modelong Willys MB ang malawakang ginamit para sa ganoong gawain dahil mas mura ito kumpara sa ibang sasakyan. Tinatayang nanggaling sa GP (general purpose) ang palayaw ng naturang transportasyon na "jeep," at sa bansag na ito nakilala ang dyip mula noon. Nang umalis ang mga Amerikano, iniwan nila ang mga sasakyang GP sa bansa. Sa panahong iyon, nagsimulang maging makulay at madisenyo ang dyip.

MANONG, BAKIT?

Makikitang may nakaplastang salita sa harap ng dyip, makulay na idinisenyo sa itaas nito, mistulang korona. Kadalasang pangalan ng tao ang nakasulat dito. Nakapupukaw ng atensiyon ang pangalan; kontrobersiyal nga naman—sino sa buhay ni Manong ang babaeng nagngangalang Helena? Maraming naiisip ang mga taong madaraanan ng dyip. Kadalasan, kung hindi man palagi, ang salitang nakapaskil ay miyembro ng pamilya: asawa, ina, anak na babae.

Binibihisan naman ng iba't ibang larawan ang katawan ng dyip. Ayon sa Morales Motors, isang korporasyong gumagawa ng mga dyip, kadalasang ipinapalagay ng mga nagpapagawa ang larawan ng mga lugar na kanilang napuntahan, mga mukha ng karakter na napapanood, o kaya naman ang kanilang mga zodiac sign. Kabilang din sa mga larawang makikita ang mukha ng Birheng Maria at ni Hesukristo.

Ngunit bakit nilalagyan pa ng dekorasyon ang dyip? Bakit, mapapansing sa pananaw ng karamihan, mistulang hubad ang dyip kapag simpleng gris lamang ang bumabalot dito?

Isang dahilan marahil ay kapag bihis ito sa kulay, higit na kaakit-akit ito sa mga taong dumaraan at naghahanap ng masasakyan. Napalilingon ang mga naglalakad sa kalye tuwing nakikita nila ang mga nakatatawag-pansing mga salita't larawan. Nakabibihag ng paningin; minsan tila mas malakas pa ang akit nito kaysa sa pagsigaw ng makukulit na barker.

May aspektong praktikal ang sining nito. Dahil maganda ang mga larawan sa paningin, naaakit ang mga tao at napapasakay. "Importante talagang maging kaakit-akit ang disenyo ng dyip para matawag ang pansin ng mga tao at sumakay sila," ayon sa Morales Motors. Malinaw na nakikitang nakatutulong ang sining sa pagkuha ng pasahero. Dito naipakikita ang pagkamalikhain ng Filipino—ang kaniyang kakayahang mag-isip ng paraan kung paano mapakikinabangan ang sining, na karaniwang ginagawang panlibangan lamang.

Bukod sa praktikal na gamit ng sining, makikita rin ito bilang salaysay ng ating kultura. Nailalahad ng mga larawan at salita sa dyip ang pamumuhay at paniniwala ng mga Filipino.

ANG DISENYO NG DYIP

Para kay Clarissa Mijares, guro sa Kagawaran ng Sosyolohiya at Antropolohiya ng Ateneo de Manila, sinasalamin ng dyip ang pag-iisip ng karaniwang tao. Disenyo pa lamang nito ay nagpapahiwatig na kaagad ng artistikong sensibilidad ng mga Filipino. "Kung wala mang disenyo, hindi naiiwanan na walang kulay," ani Mijares. Kinakatawan ng dyip ang Filipino Baroque, na umaayaw sa puwang o kawalan habang sinisikap din namang iwasan ang labis na kasikipan. Ipinahahayag ng dyip ang kagustuhang makuha ang tamang timpla, matamo ang ideal sa pagbabalanse.

Dagdag pa niya, sa pangalan pa lamang sa harap ng dyip, ibinibida na ang pamilya ng may-ari nito. Ipinagmamarangya sa bawat kalyeng kaniyang dinaraanan ang pamilyang nagpursige upang magkaroon ng dyip na pangkabuhayan, ang pamilyang dahilan ng kaniyang araw-araw na pamamasada. Ang dyip ang karwahe ng mag-anak. Kahit saan man pumunta si Manong, milya-milya man ang layo sa tahanan, dala-dala pa rin ang imahen at alaala ng pamilya. Ilan man ang lumabas at pumasok sa dyip, mananatili at mananatili pa ring magkasama si Manong at ang kaniyang pamilya.

Pati ang loob ng dyip ay mistulang salamin ng tahanan. Magkakasama: literal na magkakadikit ang mga tao. Parang nasa hapag-kainan lamang, magkakaharap ang bawat miyembro at handang magsalo-salo. Pasa-pasahan ang pagbabayad hanggang makaabot ang pamasahe kay Manong. Kung may sukli man, pagpapasahan na naman hanggang umabot sa nagmamay-ari. Hawig ang eksenang ito sa nangyayari sa mahabang mesa tuwing hapunan: daraan ang pagkain sa mga miyembro at ipapasa hanggang umabot ito sa kung sinuman ang may kailangan. Sa loob at labas ng dyip, makikita ang imahen ng pamilya at ang laging paggunita at pagpapahalaga rito.

Bukod sa pagkakahambing sa hapag-kainan, kapuna-punang bahagi rin ng interyor ng dyip ang altar sa tapat ng manibela ng drayber, sa tabi ng kahon para sa mga barya. Bago magsimula sa pasada, isang hipo muna sa rosaryo't isang maikling dasal kay Sto. Niño. Hindi maikakailang naisasalamin ang pagkarelihiyoso ng mga Filipino. May mga plaka ring naglalaman ng mga katagang ipinapasa-Diyos ang buhay ng mga pasahero at ng drayber. Nanghihingi ng proteksiyon mula sa kapamahakan (In God We Trust) at mula sa kagutumang idudulot ng mga nagwa-1-2-3 o mga darna, mga hindi nagbabayad ng pamasahe (God Knows Hudas not Pay).

Higit pa sa mga dekorasyon, maihahalintulad ang interaksiyon ng mga pasahero sa loob ng dyip sa relihiyosong kultura ng mga Filipino. Dahil magkakaharap ang mga tao sa dyip, hindi maiiwasan ang pagtingin ng isa't-isa. Binibigyang interpretasiyon ito ni Mijares: "Kahit di mo kilala, katabi mo, nakaka-eye-to-eye mo, di ba? Bahagi ng kultura natin na malapit sa pamilya, malapit sa Diyos."

Kahit ang mga malalaswang imahen sa dyip ay may isinasakatawan ding bahagi ng kulturang Filipino. Kung mapapansin, kapag may malaswa mang ipinapakita ang jeepney art, may suot man o wala, hindi ipinapakita ang kabuuan ng kabastusan. Kapag may suso, may nakatapal na star sa utong. May sensura. Sa konteksto ng

KAHIT BADUY 'YON, KAHIT CORNY 'YON, IT'S STILL FILIPINO INGENUITY KASI IBA 'YON FROM THE REST OF THE WORLD.

Clarissa Mijares
Kagawaran ng Sosyolohiya at Antropolohiya



kulturang Filipino, ipinapakita nito kung paano tinitingnan ng Filipino ang katawan, kabilang na ang pagsesensura nito lalo na kapag sangkot na ang publiko.

PUSH THE BUTTON TO STOP

"Technology has paved the way for more art techniques to be used and practiced in making signages," ani Mijares. Mapapansing nakikisabay sa alon ng teknolohismo ang sining ng mga jeep. Nagbago ang paraan ng paglalapat ng sining sa dyip: kung dati'y mano-mano ang pagpipinta sa disenyo, nakakikita na ngayon ng mga large-print stickers.

Sumusunod din ang jeepney art sa takbo ng modernismo. Mas nagiging minimalistiko. May mga jeep na iisang kulay na lamang ang katawan; kung may disenyo man, tipong dibuho lamang ni Micky Mouse o ng horoscope na Gemini ang makikita. Minsan pa nga talagang wala nang pintura ang dyip—stainless steel lamang, ipinapasada na. "Nami-miss ko 'yong matataas, 'yong may mga arko talaga sa harapan. Dati meron pa nga 'yong mukhang Ati-atihan, Ngayon wala na. So somehow, they're moving into more minimalist principles of design," ayon sa obserbasyon ni Mijares.

Sa pagkawala nga lamang ng disenyo ng dyip, nawawala rin ang papel na ginagampanan ng sining ng dyip para sa pagpapasarap ng buhay ng mga tsuper: kapag may disenyo, naitatago ang dumi; kapag stainless steel ang trip ni Manong Drayber, madaling makita ang dumi. Kailangan pa niyang maglinis.

BAYAD PO! SENIOR... ESTUDYANTE... NAGTITIPID

Pumapasok ngayon ang isyung ang dyip ay para sa masa lamang. Ang dyip ay baduy, jologs. Ayon kay Mijares, nag-uugat ang pagkabit ng jeep sa masa sa iba't ibang uring panlipunan sa bansa, "Kung mayaman ka ba, magdidyip ka? O kaya kung meron ka naman ibang options, will you choose it?"

Sino nga naman ang hahayaang madukot ang kaniyang mamahaling bag o mahablot mula sa labas ng bintana ang mga anikanik niya sa tainga? Ang mayayaman, may pambili ng kotse, may ipansusuweldo sa sariling drayber. Ang masa, may otso pesos para magdyip.

Inihahalintulad ni Mijares ang isyung pangmasa lamang ang dyip sa isyu ng pop culture laban sa mass culture. Magkapareho lamang ang dalawa ngunit nagkaroon ng pagkakaiba dahil sa magkasalungat na denotasyon ng namamayaning uring panlipunan. Kung ano ang sinusundan ng nakararami iyon ang pop culture. Sa Filipinas, ang nakararaming ito ay ang mga nasa gitna hanggang mababang uri. Sila ang mga namamasahe araw-araw kaya naman kung titingnan mula sa punto-de-bista nila, pop culture ang jeepney art na maituturing. Para naman sa mga nasa itaas, mass culture o para sa masa lamang ang jeepney art.

PARA PO!

Ang Filipinas ay isang dyip. Una, naghahari ang mga dyip sa kalye ng Filipinas, hindi mabilang sa sobrang dami. Ikalawa, ito ang nananaig na pamamaraan ng paglalakbay sa bansa. Ikatlo, nasasaklaw nito ang buong pagkakakilanlan ng Filipino sa pamamagitan ng paglalangkap ng mga katangiang partikular sa kaniyang kultura.

Hindi maikukubli na isa ang dyip sa maipagmamalaki ng bansa sa mga dayuhan. Ika nga nila, "Public Transporation: It's more fun in the Philippines."

Sa bawat kulay, linya, dibuho't salita sa dyip, makikita ang kahusayan sa paglikha ng mga Filipino na para kay Mijares ay siyang tunay na maipagmamalaki. "Kahit baduy 'yon, kahit corny 'yon, it's still Filipino ingenuity kasi iba 'yon from the rest of the world."


Isang pangamba lamang: sinasalamin ng dyip ang identidad ng Filipino, ngunit ang mga dyip ay naikakawil lamang sa mga masa. Ibig sabihin ba nito'y masa lamang ang Filipinas, masang pinagkakasiya ang suweldo, naghihikahos sa pera't nagtitiis sa sikip ng dyip? Ang tanong ngayon: hanggang dyip na lamang ba ang Filipinas?


GIPIT SA PONDO GIPIT SA PAGBUO?


Patuloy na nagiging tema sa usapin ng Student Activities Fund (SAF) ang umano'y kakulangan ng alokasyon para sa mga organisasyong tumatanggap nito. Paano nga ba nalalampasan ng maliliit na grupo ang kakapusan na ito, at paano ito naiiba sa mga katumbas nilang naglalakihang grupo?



ni Eliza Sallao
may ulat ni JC Peralta
sining ni Loree Reyes
lapat ni Melvin Macapinlac







Bahagi na ng buhay Atenista ang pagiging miyembro ng hindi bababa sa isang organisasyon. Napakalaking espektakulo tuwing Hulyo ng bawat taon ang Recruitment Week (RecWeek) ng Council of Organizations of the Ateneo (COA), kung saan isang linggo ang inilalaan para sa lahat ng mag-aaral ng mga Paaralang Loyola (LS) upang sumali sa mga organisasyon, pati na rin sa iba't ibang grupo na hindi saklaw ng COA tulad ng Confederation of Publications (COP), ang iba-ibang departamento ng Sanggunian ng mga Mag-aaral ng Paaralang Loyola ng Ateneo de Manila, mga organisasyong walang akreditasyon o kaya'y nag-aaplay pa lamang, at mga opisina ng LS na naghahanap ng student volunteers. Ganito ang kulturang makaorganisasyon ng Ateneo, kung saan may paghikayat na ang pagiging kabahagi ng isang organisasyon ay nabibilang sa paghubog at pagbuo ng Atenistang para sa iba.

Hindi na siguro bago para sa karamihang aktibo sa buhay-organisasyon ang pagkakaroon ng Student Activities Fund o SAF bilang pagkukunan ng suportang pinansiyal para sa kanilang mga proyekto. Nagkakakahalaga ng P462.45 ang alokasyon ng SAF sa matrikula ng bawat mag-aaral para sa taong akademiko 2012-2013 at, sa pangangalaga ng Office of Student Activities (OSA), ipinamamahagi ang kolektibong SAF na ibinabayad ng bawat estudyante kada semestre sa mga organisasyon sa ilalim ng COA. Hindi rin lamang mga akreditadong organisasyon ang nakikinabang sa pondong ito; kasama sa tumatanggap ng panustos ang Sanggunian at mga school board sa ilalim nito para sa kanilang mga proyekto para sa kani-kanilang nasasakupan.

Lumang tugtugin na rin na maituturing ang pagkakaroon ng mga isyung kaakibat ng pagkasensitibo ng usaping pananalapi—lumang tugtugin dahil patuloy na lumulutang ang usapin tungkol sa transparency at kakulangan umano ng SAF para sa lahat ng 50 organisasyon, hindi pa kabilang ang Sanggunian at COA, na siyang may malalaki ring proyekto, bag. Hindi kailanman natatapos ang diskusyon—pinakahuli na rito ang pagbalita ng *The Guidon* nitong Agosto lamang ukol sa panawagan ng Christian Union for Socialist and Democratic Advancement (Crusada) para sa paglalahad ng nilalaman ng buong pondo at ang pagtaas ng alokasyon sa bawat organisasyon.

SA PAGLALAAN NG PANUKALANG PONDO

Naiiba ang proseso ng pagbabadyet para sa kani-kanilang mga proyekto ang Sanggunian at ang COA Central Board, kasama na rin COP. General budget proposal ang kanilang ipinapasa. Sa proposal na ito, pinagsama ang dalawang budget proposal na kailangang ipasa ng ibang organisasyon: ang operational at project budget proposal. Ayon kay Billie Dumaliang, Ingat-Yaman ng Sanggunian para sa kasalukuyang taong akademiko, ang pondo na ipinaplano ay hindi lamang para sa kanilang sariling gastusin. "Halos ikapat ng mga ito ay para sa pinansiyal na tulong para sa mga orgs at iba pang grupo o indibidwal na estudyante," aniya. "40% ng inaasahang alokasyon ng Sanggu ngayong taon ay para sa mga subsidy at sponsorships ng iba't ibang grupo sa Ateneo tulad ng ORSEM, A-Fair, at Blue Roast. Kasama na roon ang alokasyon para sa Sanggu Subsidy System."

Sa mga kaso kung saan may hindi inaasahang pagkakaroon ng pagkukulang sa aprubadong badyet, pauna nang humihingi ng sampung porsiyentong contingecy fund sina Dumaliang sa lahat ng budget proposals. Ito'y upang maiwasan umano ang paghingi ng karagdagang panustos mula sa

OSA. Nagsasagawa rin sila ng retroactive budget hearings upang mapagdesisyunan kung papayagan ba ng Central Board ang karagdagang pondo ng isang kagawaran.

Ayon naman kay Miko Tiu, Finance Officer ng COA, nagsasagawa sila ng budget hearings upang malaman kung paano at magkano ang ilalaan sa mga proyekto ng konseho na kinabibilangan ng RecWeek, Blue Christmas, COA Awards, at Ugnayan. Para sa kaniya, mahalaga ang pagkakaroon ng budget hearings para sa buong Central Board at Executive Team (ExTeam) upang maipakita ang proseso ng canvassing sa pagpaplano ng magiging badyet. Aniya, "It's a way to justify your costs and expenses. That's how we do it and during the budget hearing, we allot time for them to explain bakit ganoon 'yong kanilang gastos and as the Central Board as well, parang ask questions or clarify certain things regarding the budget."

Kasabay ng proseso ng pagbabadyet ng dalawang grupong ito, may mga panawagan sa mga nakalipas na taon para sa transparency at pagtitipid, samantalang may kahirapan naman para sa ilang organisasyon na bagama't accredited, ay nagkukulang pa rin sa pondo at hindi makapagsagawa ng kanilang mga proyekto. May ilang mga kaso kung saan nakaaapekto ito sa kanilang Year-End Status (YES) report at sa mismong estado ng kanilang akreditasyon.

PAGTUGON SA KAKULANGAN

10% umano ng SAF ang napupunta sa Sanggunian, hindi katulad sa ibang organisasyon na nakatatanggap ng P15,000 kada semestre para sa kanilang operational expenses. "Iyong operational budget, ginagamit iyan for formation building ng organisasyon. Ang project proposal budgets naman, ipinapakita kung paano ninyo gagastusan 'yong inyong organisasyon," ayon kay Kristofer Reyes, Vice President for Finance and Marketing ng Ateneo BOx, isa sa mga organisasyon sa ilalim ng COA Science and Technology Cluster. Ang kahirapan lamang umano sa paggastos ng operational budget, hindi katulad sa Sanggunian na maaari itong gastusin para sa kanilang iba't ibang proyekto at pangangailangan, ay hindi ito maaaring magastos sa mga aktibidad ng mga organisasyong walang kinalaman sa pormasyon. "Mahirap siyang gastustin talaga kasi ang karamihan ng ginagastusan ng mga organisasyon, hindi iyong formation kundi mga projects nila."

Dagdag pa niya, "Iyong pera na para sa project, ginagamit namin galing sa RecWeek so wala kaming ginagastos na galing sa operational budget. So 'yong problema, 'yon nga di namin magagalaw 'yon."

KARAMIHAN NG 'YON, KINIKITA LANG NG ORGANISASYON, NAKUKUHA LANG NILA SA RECWEEK. IYON NGA LANG, PROBLEMA SA IBANG MGA ORGANISASYON, HINDI GANOON KARAMIHAN 'YONG KANILANG MGA MIYEMBRO. KAMI NA MISMO 'YONG NAGBIBIGAY, NAG-AABONO NG PERA.

Kristofer Reyes
VP for Finance and Marketing, Ateneo BOx

Binanggit din ni Reyes ang kahirapan ng maliliit na organisasyon upang makalikom ng pondo. "Karamihan ng 'yon, kinikita mismo ng mga organisasyon, nakukuha lang nila sa RecWeek. Iyon nga lang, problema sa ibang mga organisasyon, hindi ganoon karamihan 'yong kanilang mga miyembro." Madalas na nagiging solusyon ng mga miyembro ng ganitong mga organisasyon sa kakulangang ito ang pag-aabono. "Kami na mismo 'yong nagbibigay, nag-aabono ng pera. Pero minsan kung may mga event din, nagbebenta kami ng mga tickets, kumbaga break-even lang 'yong ginagawa namin para di kami malugi or di kami maubusuan ng pera," pagpapaliwanag niya sa sitwasyong ito.

"'Highly discouraged' para sa 'kin ang ganitong pagtugon sa problema dahil hindi ako sang-ayon na dapat gumagastos ang mga estudyante para matuloy ang project ng orgs nila." Ganito nakikita ni An Ferrer, dating Sector-Based Cluster Secretary-Treasurer ng COA, ang nakagawian nang pagpapa-"reimburse" sa buhay-organisasyon. May mga hakbang naman daw upang maiwasan ang ganitong pangyayari, tulad ng isang emergency fund, kung saan maaaring humiram ng salapi ang isang organisasyon mula sa OSA at babayaran na lang kung magkaroon muli ng pambayad. "Puwedeng manghingi ng cash advance ang mga orgs, o kaya'y magkaroon na lang ng Deposit and Credit Balance (DCB) transfer kung nasa loob ng Ateneo rin ang kailangan bayaran. Mayroon ring accredited list of suppliers ang OSA/Central Accounting Office (CAO); nandito ang mga suppliers na tumatanggap ng check mula sa Ateneo."

"Pero kahit na may mga ganitong paraan, hindi pa rin talaga laging maiiwasan na magkaproblema sa pagkakulang ng pera, kaya nauuwi pa rin sa pag-abono at paghingi ng reimbursement," na siyang ikinalulungkot ni Ferrer.

Upang matugunan ang suliraning ito, pinasimulan ang pagkakaroon ng subsidies at grants para sa mga mag-aaral at organisasyong nangangailangan ng tulong pinansiyal sa kani-kanilang mga proyekto. Maliban sa P31,500 na ipinagkakaloob ng OSA para sa mga training seminars, nagkaroon ng pormalisasyon ang project grant system ng OSA, COA at Sanggu na siyang inilunsad sa isang pangkalahatang pagpupulong at tinaguriang "BOOST!" noong Hulyo.

Nagmumula pa rin umano sa SAF ang ipinamamahaging karagdagang panustos sa project grant system na ito. "It's not that we have money to give away. It's not that at all. It's mostly that we want to support the efforts that are worth supporting but are somewhat having difficulty raising [their] own funding," pagpapaliwanag ni Christopher Castillo, direktor ng OSA, nang magsimula ang programang ito noong 2009.

May tatlong programa sa ilalim ng Boost, na nagkakaiba rin sa halagang ipinagkakaloob sa mga aplikante: ang Sanggunian Subsidy System, Accelerate ng COA, at Financial Management System ng OSA.

PANANALAPI SA MAGKABILANG PUNTO-DE-BISTA

Kabaligtaran ng sitwasyong ito ang mga puna sa pondong natatanggap ng Sanggunian, kung saan nagmumula ang mga isyu sa panawagan na bawasan ang paggastos o pagkakaroon ng salaping hindi nagagamit sa pagtatapos ng isang taon. "Failing to maximize the use of the fund is unfair for the students who pay for these funds and expect services that would aid in their formation." Ito ang pagpapalagay ni Omi Castañar, pangulo ng Sanggunian noong 2008, sa isang panayam ng *The Guidon* sa kaniya. Ang pagkakaroon umano ng kalabisan mula sa pondo ay hindi naaayon sa kanilang mandato ng paglilingkod sa mga mag-aaral para sa kaniya.

Mainam ang paglalagay ng budget cap sa pondong hinihingi ng Sanggunian mula sa OSA para kay Brian Llamanzares, Premier ng Crusada, kasabay ng mga pag-aanyaya ng partido na itaas ang operational budget na natatanggap ng mga organisasyon mula sa SAF.

Ayon kay Dumaliang, bagama't naiiba ang proseso ng kanilang pagpapa-apruba ng badyet, natututukan pa rin naman ito ng OSA. "Naglalagay kami ng 'budget cap' para makontrol ang ilang gastos," ani niya. Naniniwala rin si Dumaliang na bagama't maaaring maisakatuparan ang hinihiling nina Llamanzares, mas may suliranin ang pagtukoy kung magkano ang cap na ipapataw, at kung paano nito maapektuhan ang trabaho ng Sanggu.

"Putting a cap on the Sanggunian budget decreases the power of the democratically voted Central Board representatives to represent students in the allocation of the SAF. This mean putting more funds in the jurisdiction of OSA, farther from the monitoring of student representatives," aniya sa isang naunang panayam noong Agosto.

Sa gitna nito, mas may pananalig si Tiu sa "justified costing" para sa kanilang pagpaplano naman ng sariling gastusin sa COA. Pinagpapasiyahan at pinipili ang pinakasulit, ika nga, na gastusin sa bawat salik ng proyekto sa halip na ang paglalaanan ng salapi ay ang pinakamura, ngunit maaaring nakasasapat sa kanilang mga pangangailangan.

KULANG ANG SAF, NGUNIT MAY SURPLUS PA RIN?

Isang malaking isyu para sa ilang grupo ang kawalan ng paghahayag ng nilalaman ng SAF, matapos ang pagbatikos sa pagkakaroon ng surplus ng pondo ng mga pangunahing konseho ng Paaralang Loyola. Ilan lamang sa mga pangunahing katanungan tungkol sa SAF ay kung ano ang maaaring mangyari kung magkulang ito para sa mga organisasyon, at kung ano ang nangyayari rito kung hindi naman magastos ang lahat ng nilalaman nito.

HINDI PA RIN TALAGA LAGING MAIIWASAN NA MAGKAPROBLEMA SA PAGKAKULANG NG PERA, KAYA NAUUWI PA RIN SA PAG-ABONO AT PAGHINGI NG REIMBURSEMENT.

An Ferrer
dating Secretary-Treasurer, Council of Organizations of the Ateneo

Para kay Llamanzares, maaaring dahilan sa hindi paglalahad na ito ang burokrasya sa mga prosesong pinagdaraanan ng mga nasasangkot. Nitong Agosto lamang, naibalita sa *The Guidon* ang pagpasa ng mga halal na miyembro ng Crusada ang "Freedom of Information Bill," na ayon sa artikulong "SAF disclosure, org budget increase sought" noong Agosto ay siyang mag-aatas sa Sanggunian na alamin kung magkano ang nilalaman ng SAF.

"For security purposes kasi, so hindi rin namin alam kung magkano iyong SAF," sagot ni Tiu tungkol dito. "If ever kami 'yong mag-disclose kung magkano iyong laman ng SAF, if ever lang naman alam namin, baka ma-misquote kami, parang ganoon or kami 'yong maging dehado regarding it." Sa kanilang paggawa ng budget proposals, kanilang ipinagpapalagay na lamang na sasapat ang kabuuang pondo para sa lahat ng nakatatanggap mula sa SAF. "The previous finance officer (Eldridge Tan) is the VP for Organization Strategies and Research ngayon ng COA, so kahit siya di niya rin alam paano 'yong sa SAF but from what we know though, I don't know kung tama siya, it has been constantly decreasing 'yong pondo sa SAF, 'yon daw. Iyon 'yong pagkakaalam niya kaya in a sense, kaya rin kami, ine-encourage na maging frugal."

May di-opisyal namang kompyutasyon si Dumaliang kung magkano ang nilalaman ng pangkalahatang pondo ngunit sa gitna ng mga hinaing, may karapatan umano ang administrasyon upang manatiling kompidensiyal ang SAF para sa kadahilan ng seguridad, na siyang nabanggit na ni Tiu.

"Ibinabalik sa kabuuang account ng SAF ang badyet na inapruba ng OSA ngunit hindi naman nagamit ng Sanggu sa loob ng isang taon." Ito lamang ang tanging maisasagot sa ngayon ni Dumaliang na walang kontrobersiya o pagtutol kung saan napupunta ang labis na salaping hindi nagagastos ng Sanggu, COA, at ng lahat ng organisasyon. Maaaring ibigay rin ang hindi nagastos na SAF sa pondo ng mga iskolar ng pamantasan, batay sa deliberasyon ng Sanggu. "Hindi puwedeng ilaan ang SAF sa mga programa na hindi 'student activities' dahil 'restricted fund' ito."

Patuloy pa rin ang mga pag-uusap ngunit walang tiyak na mga kasagutan sa gitna ng napakaraming katanungan. Tila mahaba at matagal pa ang daang tatahakin ukol sa hinahanap na transparency ng ilan tungkol sa SAF. Tanging magagawa na lamang ng mga organisasyon at mga taong nasasangkot ngayon ay ang patuloy na paglulunsad at pagpapatuloy ng mga proyektong nagpapakita ng kanilang mga kagalingan at umaayon sa kanilang tanawin at tunguhin.



Sa pagbabalitang hindi nag-iiba ang pagturing, namulat si Glenda Gloria sa isang panahong nakapiring pa ang mga mata ng pamamahayag. Ngayon, minumulat niya ang bagong panahon sa isang pamamahayag na may rangya at laya.

ni Iman Tagudina
may ulat ni Benise Balaoing
lapat ni Benjhoe Empedrado

SA PAMAMAHAYAG NA MALAYA AT NAGPAPALAYA

Tulad ng ilang kabataan ngayon na nangangarap maging mamamahayag, kinakitaan na si Glenda Gloria ng inklinasyon sa pamamahayag noong nasa sekondarya pa lamang siya. Ngunit kung ikukumpara sa kasalukuyan, lumaki at natuto si Gloria sa isang pamamahayag na, gaya niya, papausbong pa lamang.

Kilala si Glenda Gloria ngayon bilang nangangasiwang patnugot ng *Rappler*, isang social news website. Sa panahong unti-unting binabago ng teknolohiya ang pagbabalita, ginagamit itong leverage ng *Rappler* sa pag-asang makalikha ng panlipunang pagbabago. Kung ikukumpara sa ibang news website, nagsimula ito agad sa Internet, at hindi bilang isang news channel sa telebisyon, radyo o papel.

Maituturing na rebolusyonaryo ang hakbang na ito. Kabilang rito si Gloria, at kung tutuusin, malayo pa ang pinag-ugatan ng pagmamahal na ito para sa pamamahayag.

PAGMULAT NG PANULAT

Nagsimula si Glenda Gloria bilang reporter sa *Philippine Daily Inquirer* isang buwan bago magrebolusyon sa EDSA. "Maganda 'yong naging panahon na naging reporter ako. Bagong bukas ang media after ng years of oppression sa panahon ni Marcos."

Sa panahon ng Martial Law, maaalala na kontrolado ni dating Pangulong Ferdinand Marcos ang lahat ng uri ng pamamahayag. "Noong araw naman, diyaryo ang pinaka-influential. At karaniwan sa kanila, kontrolado ng rehimeng Marcos." Ngunit mayroon namang matatapang na mga mamamahayag, na kung tawagin naman ay mosquito press. "*Inquirer* ang nauna, bukod sa *Malaya* na talagang nauna, na anti-Marcos. 'Yong peryodismo ng *Inquirer* [noon] ay aktibista."

Masasabi ni Gloria na masarap maging reporter sa ganoong panahon dahil maraming dyaryo. "Ginagalang ang media, ang press freedom. Naging kasama ang media sa pagdismantle ng dictatorship."

"IT'S NOT PROFIT, IT'S PUBLIC SERVICE"

Para kay Glenda Gloria, ang pamamahayag ay isang propesyon, isang bokasyon. Pagbibiro pa niya, "It's almost like priesthood! You can't be a part-time journalist."

Bakit pamamahayag ang pinasok na propesyon ni Gloria? "Una sa lahat, napakaraming problema ng bayan na ito. Kailangang isulat." Dagdag pa niya, hindi siya naging mamamahayag para sumikat. "Hindi puwedeng negosyo lang ang media. Dapat ang overriding motivation mo for putting up a media company is not business. It's not profit, it's public service."

Kredo na nga marahil ng bawat manunulat, masasabing nagsusulat si Gloria para sa isang pagtatangkang magsimula ng pagbabago. Para sa kaniya, "[Sa pamamahayag,] naisusulat mo kung ano ang kailangang mabago. Kung hindi man mabago, malaman man lang. If you cannot push for change, at least, you inform."

Pagiging inspirasyon rin sa susunod na henerasyon ang nagtulak, at patuloy na nagtutulak kay Gloria na maging mamamahayag. Sa kabila nito, malinaw dapat sa tao kung papasukin niya ang propesyon na ito: "Exposed ka sa tao. Nakakasalamuha mo ang mga makapangyarihan, pero dapat serbisyo-publiko pa rin ang layunin mo."

PAGKILALA SA TRANSISYON AT ANG MITSA NG REBOLUSYON

Patuloy na isinusulong ni Gloria ang adhikain niya sa kabila ng mga pagsubok at panganib na dulot ng kaniyang propesyon. Saan nanggagaling ang ganoong motibasyon?

"Siguro dahil EDSA baby ako," tugon niya. "Kapag nahubog ka sa panahon na nagtatransisyon ang bayan, hindi na mawawala

sa iyo 'yon e. Nakita ko 'yong oppression noong panahon ni Marcos. May mga kaibigan akong nakulong. Nanatili sa akin 'yon."

Noong 2001, isa si Gloria sa mga nagtatatag ng *Newsbreak*, isang magasin na nagtatangkang maglahad ng mga expose at investigative na istorya. Layon ng *Newsbreak* noon na maging plataporma para sa isang social change, para ipakilala sa mambabasa ang investigative journalism. Nakikita ni Gloria na kulang o halos wala ang ganitong mga kuwento sa media ngayon.

"Gusto naming ilunsad ang rage journalism," aniya. "Rage, dahil [dapat] kulang ang pasensiya [natin] sa korupsiyon, kulang ang pasensiya sa incompetence." Dagdag pa niya, hindi ka puwedeng maging investigative journalist kung mahaba ang pasensiya mo sa korupsiyon.

Nangungunang tanawin ng *Newsbreak* noon na "good journalism sells." Ngunit hindi nagtagal, napilitan ang *Newsbreak* na tumigil sa pag-imprenta dahil sa mga pinansiyal na balakid. "Panahon na noon papunta sa online, dominated na ng telebisyon ang media. Mahal na ang imprenta," kuwento ni Gloria. Itinigil nila ang pag-iimprenta, lumipat sa website. Nag-merge ito kasama ang ABS-CBN, at pagkatapos ng tatlong taon, si Gloria na rin ang namahala sa ANC.

MALAYA AT NAGPAPALAYANG PAMAMAHAYAG

Hindi ipinagkaila ni Glenda Gloria na kakaunti lamang ang nangangahas na pumasok sa uri na ito ng pamamahayag. Maiuugat ang hindi masyadong pagiging popular ng mga investigative stories dahil, una, mahirap siya at mayroong pangangailangan ng resources. Matagal rin ang proseso, maraming hinihingi ang ganitong uri ng pag-uulat. Mayroon ding isyu sa sitwasyon ng harassment sa mga mamamahayag na naglalakas loob para rito. Mayroong culture of impunity.

Dagdag pa ni Gloria, "No story is worth your life. 'Yong skills, konti lang ang nagpa-practice, at 'yong culture of impunity, 'yong takot na balikan ka [ng mga taong isiniwalat mo]."

Mahalaga para sa bawat balita o lathalain na magkaroon ng pagkonekta sa mambabasa mo. Ang nakikita pang problema ni Gloria sa investigative journalism ay ang pakikitungo lamang nito sa mga "political elite." Mahalagang mapakikinabangan at mapaghuhugutan ito ng marami sa atin. Kailangan naiintindihan ng masa 'yong istorya.

Ngunit sa kabila naman ng maraming problemang kinakaharap nito, maganda ang nakikitang kinabukasan ni Gloria para sa investigative journalism. "Nagbago na siya, pero not to the extent na 'kailangan' na siya ng bansa." Itinuro ni Gloria na malaking tulong ang telebisyon sa pagpapaunlad at pagtangkilik ng iilang manonood sa mga investigative reports gaya ng *i-Witness* documentaries, at iba pa.

Kung may maipapayo man si Gloria sa mga nagnanais na tahakin ang landas ng mga investigative reporters, iyon ay ang siguraduhing tama ang lahat ng bagay na isusulat sa artikulo.

Kuwento ni Gloria, sa mga unang buwan niya bilang mamamahayag sa *Inquirer*, nagkamali siya ng balita na "natagpuan" na ang isang pari na kontra-Marcos na matagal nang nawawala. Mula ang balita sa isang pastor, kung kaya't nagtiwala na siya agad rito. Pagkatapos malimbag bilang headline ang artikulo niya, saka lang niya nalaman na walang kongkretong ebidensiya na natagpuan nga ito.

"It doesn't mean that if he's an authoritative figure, hindi ibig sabihin na kung magsasalita siya, totoo iyon. Always verify. Always be in doubt. Iyon 'yong naging mas skeptical ako, mas careful ako."

ANG BAGONG MUKHA NG REBOLUSYON

Marami pang mararating ang uring ito ng pamamahayag. Para kay Gloria, sa pagsusulat ng mga maituturing na investigative, kailangan isaalang-alang na ang mga artikulong ito ay bahagi lamang ng totoong pagbabago na maaaring makamit ng isang lipunan. "It's the engagement between the public and the media"—'yong ebolusyon ng investigative journalism na makikinig ang mga reporters sa kung ano ang kailangan pagtuunan ng pansin, mula sa bibig ng madla, ng masa.

"Like in your online community, coming from your online community. What do you think they want investigated?" Sinisimulan na ito ng *Rappler* sa kasalukuyan, sa pamamagitan ng paghubog ng makabagong investigative journalism. Naniniwala si Gloria na unti-unti na nga itong gagalaw, at sasabay ang daloy ng balita sa daloy ng makabagong mga teknolohiya.

Mas magiging epektibo dahil sa dami ng multimedia tools na maaaring gamitin. Magiging mas epektibo dahil madaling ma-access. "Maganda ang future ng IJ kasi libre 'yong distribution." Kung ikukumpara ang bilis ng popularidad ng *Newsbreak* at *Rappler*, apat na buwan lang ang kinailangan ng *Rappler* para maging kilala dahil sa paglaganap nito sa social media gaya ng Facebook at Twitter.

BAGONG KABANATA

Iba na ang ginagawa ni Gloria bilang patnugot sa ginagawa niya noon bilang ordinaryong mamamahayag. Kung dati'y siya mismo ang lumalabas upang maghanap ng istorya, siya na ngayon ang gumagabay sa mga nakababatang mamamahayag, sa pag-asang mahahasa ang kanilang kakayahan sa pamamahayag.

Nang tanungin si Gloria sa kaniyang mga balak sa hinaharap, ang sagot niya, "Magsusulat pa ako ng mga libro. Pero gusto ko, base siya sa tunay na buhay. Tungkol siguro sa newsroom o sa sandatahan. Parang fiction, pero alam mo lahat noon ay totoong nangyayari."

Nakatutuwang isipin na habang isinusulat ito, inihahanda ang kasalukuyang bayan na nagmulat kay Gloria sa isang bagong uri muli ng pamamahayag—isang uri ng pamamahayag na bukas na sa lipunan, na gumagamit ng teknolohiya, na humuhulagpos at malaya. Mapalad ang mga bagong mamamahayag dahil abot-kamay na nila ang mga kailangan para maglahad ng balita.

Ang hamon ngayon para sa bagong henerasyon ng mamamahayag ay kung paano nila babaguhin at imumulat ang bansang akay-akay nila tungo sa katotohanan.



TASK FORCE ANTI-APECO

ni Ray John Paul Santiago
lapat ni Eldridge Myles Tan | sining ni Jeruscha Villanueva
inpormasyon mula sa Action for Economic Reforms

Bilang pagtugon sa apela ng mga magsasaka ng Casiguran, Aurora ukol sa Aurora Pacific Economic Zone (APECO), muling nagpulong nito lamang ika-16 ng Agosto ang mga estudyante mula sa iba't ibang organisasyon ng Ateneo kasama sina Atty. Aison Garcia ng Kagawaran ng Repormang Agraryo, at mga kinatawan mula sa National Secretariat ng Pambansang Kilusan ng mga Samahang Magsasaka (PAKISAMA), mga magsasaka ng Casiguran, at Task Force Anti-APECO ng Ateneo upang pag-usapan ang kasalukuyang hakbangin ng Task Force.

Naghain ng isang Situationer ang grupo nina Hansley Juliano, isang kasapi ng Task Force Anti-APECO, ukol sa nilalaman ng APECO at mga negatibong eco-zone nito. Kasama sa Situationer ang mga kasalukuyang epekto ng APECO sa mga magsasaka ng Casiguran at ang mga paraan kung papaano maaring makatulong ang mga mag-aaral ng Ateneo sa isyung ito.

ANO NGA BA ANG APECO?

Ang APECO ay ang mahigit 12,923 ektaryang SEZ (Special Economic Zone) na ipinapatayo ngayon sa Casiguran, Aurora na naglalayong magtayo ng freeport (isang daungan kung saan may malaking kalayaan ang mga nag-aangat ng mga produkto, hal. mas mababang buwis), ng mga imprastruktura at ng mga tourist spots na maaring magbigay ng kabuhayan at trabaho para sa mahihirap.

Isinulat ni Bella Angara-Castillo ang orihinal na batas noong Disyembre 1997 bilang House Bill 10293 at naihain sa loob lamang ng isang lingo. Noong 1998, ito ay hindi inaprubahan ni dating Pangulong Ramos. Noong 2006 inihain naman ito ni Congressman Sonny Angara bilang House Bill 5309 at Senate Bill 2603 sa pamumuno ni Senador Edgardo Angara. Noong 2007, naisabatas ito ng dating pangulong at ngayo'y Congresswoman Gloria Arroyo bilang Republic Act 9490 o ASEZA (Aurora Special Economic Zone Act). Sa kasalukuyan, marami pa ring mga komento at katanungan ukol sa legalidad ng APECO.

Ayon kay Atty. Garcia, ang APECO ay nagpresenta ng isang direktang paglabag sa CARPER bill. Ayon sa Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms o CARPER at ng Presidential Moratorium on Conversion, ang mga lupaing nasakop ng APECO ay hindi maaring baguhin. Katulad din ng CARPER bill ang Agriculture and Fisheries Modernization Act (RA 8435) ay pumipigil sa kahit anong pagpapabago o pagkawasak sa lupain at katubigang nasa proteksiyon nito. Ang mga lupaing nasakop ng SEZ ay lupain ng mga Dumagat na dapat ay nasa proteksiyon ng Indigenous Peoples Rights Act. Ang mga lupaing nasa ilalim ng eco-zone ay mga lupaing pribado at pagmamayari ng mga magsasaka at mga katutubo sa ilalim ng CLOA (Certificate of Land Ownership Award) at CADT (Certificate of Ancestral Domain Title). Ang katubigang nasasakop ng APECO ay malapit din sa Calabgan River Watershed Forest Reserve, na nasa ilalim ng proteksiyon ng DENR. Kasama sa mga katanungan ng legalidad ng APECO ay ang paggiging chief executive ni Senador Angara sa APECO na sumasalungat sa Anti-Graft and Corrupt Practices Act.

ANG NEGATIBO

Ayon sa ulat ng grupo nina Juliano, inamin ni Architect Felino Palafox, pinili upang bumuo ng pangunahing balangkas ng mga plano para sa eco-zone, na ang APECO ay may malaking kakulangan sa pag-aaral ukol sa kakayanan at posibilidad nitong ipatupad ang ipinapangakong "Development" para sa mga mahihirap sa Aurora.

Kasama rin sa mga negatibong epekto ng APECO ay ang tuluyang pagpatag ng sakahan sa Aurora. Ito ay isang malaking kabawasan sa pinagkukunan ng bigas ng Luzon (5611.0 metric tons) at makadaragdag pa sa negatibong epekto ng pag-aangkat ng bigas ng bansa mula sa ibang bansa. Mawawalan

din ng tirahan at pamumuhay ang humigit-kumulang 2,983 na magsasaka at mangingisda at 13,641 iba pang mamamayan. Ang ipinagmamalaking tri-modal transportation ng APECO ay hindi pa tapos at hindi pa maaring gamitin.

Malaki rin ang epekto ng APECO sa kapaligiran ng Aurora. Ang mga mangroves na tinitirhan ng mga endangered species ay tuluyang masisira kung matutuloy ang APECO. Dahil sa sapilitang pagtotroso dahil sa mga imprastrukturang itinatayo, ang mga punong humahawak sa lupa ay tuluyang mapapatag. Maaring pagmulan ng pagbaha at landslide ang kawalan ng punong humahawak sa lupa.

BOSES NG MGA MAGSASAKA: APECO, PARA KANINO?

Kinukwestiyon din ng Task Force ang kakayahan ng APECO na magbigay trabaho sa mga magsasaka at mangingisda ng Aurora. Paano umano makakatulong ang APECO sa mga mahihirap kung ang mga trabahong ibibigay sa kanila ay hindi akma sa kanilang pamumuhay?

Maaring mapasama ang mga mahihirap sa Aurora sa tinatawag na Floating Work Force o kontraktuwal, mga trabahador na hindi nakikinabang sa iba't ibang benepisyo at mayroong maliit na sahod. Maaring ang mga dating magsasaka at mangingisda ay maging mga janitor o tubero.

Ayon sa mga taga-Aurora, sapilitan at walang pakundangan ang pagkuha ng APECO sa kanilang mga lupaing pinagsasakahan at tinitirhan. Malaki rin ang kakulangan ng mga relocation sites na inihain para sa mga taga-Aurorang nakuhanan ng lupain.

Naiulat din na ang ilan sa mga investors na naimbitahan ng APECO ay mga negosyo ng pagtrotroso, pagmimina at pangingisda, sa madaling salita, ang mga pamumuhay ng mga taga-Aurora ay ibibigay lamang sa mas malalaking pribadong korporasyon.

Ayon sa Task Force, ang mga taga-Aurora ay hindi tumatanggi sa planong "development" para sa Aurora. Ayon sa kanila, ang mga trabahong dala ng APECO ay hindi akma para sa kanilang uri ng pamumuhay. Mas mapapakinabangan pa nila ang pagpapatayo ng mga paaralan para sa Aurora.

MAKISAMA: MAITUTULONG NG MGA ATENISTA

Ayon kina President Randy ng PAKISAMA at mga magsasaka ng Aurora, malaki ang maaring maitulong ng mga mag-aaral ng Ateneo. Hindi lamang sa pagsali sa Task Force maaring makatulong ang Atenista. Maari silang magbigay ng mabusising pag-aaral ukol sa mga epekto ng eco-zone at iba pang negatibong epekto sa kalikasang dala ng pagbabagong dala ng APECO. Maaari rin silang magpalaganap ng kamalayan at impormasyon ukol sa APECO sa iba't ibang komunidad. Sa pamamagitan nito, makakatawag pansin ang isyung ito at maaring makapagpasa ng mga polisiya o batas na maaring makapigil sa APECO.

PRESYO NG PROGRESO SA APECO

ni Eliza Sallao

Ambisyoso—ganito mailalarawan ang unti-unting pagsasakatuparan ng Aurora Pacific Economic Zone and Freeport o kilala sa tawag ng APECO sa lalawigan ng Aurora. Malayo-layo rin ang nalakbay ng Republic Act 9490 o Aurora Special Economic Zone Act of 2007, mula nang maipasa ito bilang batas sa pangunguna nina Senador Edgardo Angara, kaniyang anak na si Kinatawan Juan Edgardo Angara, at ang kapatid ng senador na si Gobernador Bellaflor Angara-Castillo. Nagmumula umano sa isang ambisyon, sa isang hangarin ng mga Angara na puksain ang kahirapan sa kanilang probinsiya ang pagkabuo ng APECO.

Ngunit sa gitna ng mga plano, sa gitna ng mga pangarap at mga naglalakihang kompanyang nagnanais na makibahagi sa APECO, nanaghoy naman ang iilang mga tinig na tila hindi nais pakinggan.

Isang paatras na hakbang para sa mga kabuhayan at karapatan ng mga magsasaka, mangingisda, at indigenous peoples ang pagpapatuloy ng APECO. Pag-unlad nga ba talaga ang inaasinta ng batas na ito, o pansariling sagana ng mga taong magkakapareho ang apelyido at lahat ay naupo na sa Kamara?
Saan nga ba maaaring simulan ang napakahabang listahan ng pagkakasala ng APECO? Nais ninyo bang magsimula sa pagsasabing labag sa Konstitusyon ang APECO, kung saan ang pagpasa ng batas na nagsusulong nito ay direktang lumalabag sa mga repormang isinusulong ng CARPER, pati na rin ang pag-angkin sa lupaing pribado ng Agta na siya ring sumasalungat sa Indigenous Peoples Rights Act? Tila hindi pamilyar ang mga Angara sa konsepto ng konsultasyon (at siya ring inamin na ni Cong. Sonny Angara); walang malinaw na patutunguhan, paninirahan, at ikabubuhay ang mga mamamayan ng Aurora matapos silang nakawan ng tirahan, kabuhayan at karapatan. Kailan pa nga ba naging bahagi ng konsultasyon ang harassment, blackmail, pamamaril, at pagbobomba sa mga paring tagasuporta ng mga kilusang anti-APECO?

Nasaan na ang mga trabahong ipinangako, pabahay na ipagkakaloob?

Ang sinasabing "green ecozone" na ibinabandera ng APECO—kasinungalingan rin ayon kay G. Felino Palafox. Walang isinagawang feasibility studies bago ang pagsulong sa APECO, at wala ring pag-aaral na siyang maggagarantiya ng tagumpay ng proyekto para sa pag-unlad. Delikado rin sa pagbabaha at ang lupang kinatatayuan ng mga pundasyon para sa APECO.

Ipinagmamayabang ng APECO ang pagiging maka-kalikasan nito, ngunit upang maitayo ang mga estruktura nito, kinakailangang isakripisyo pa ang saribuhay [biodiversity]: ilegal na pagtotroso, pagmimina, pagputol sa mga bakawan, at pagkakait ng tirahan sa mga hayop na endangered at endemiko sa Filipinas.

Paano naman ang epekto ng APECO sa lupang pansaka at ang maidudulot ng pagkawala ng mga lupa na ito sa suplay ng bigas sa bansa? Nagkukulang na nga ang suplay, kung saan nangangailangan na ngang mag-angkat, tapos hahayaan na lamang ang pagtatayo ng mga estruktura na permanenteng hahadlang sa agrikultura ng apektadong lugar.

Hindi lamang ito ang sukdulan ng mga isyung kaakibat ng APECO ng mga Angara. Ito ang mga taong ating inihahalal sa puwesto na kakatawan sa ating mga interes, at siyang makikibaka sana para sa ating kapakanan. Anyare, Senador, Congressman, at Gob?

Ano nga ba ang presyo para sa pag-unlad? Makatwiran nga ba ang ganitong pagkilos, ng pag-abuso upang makamit ang progreso at malipol ang karukhaan? Nangangailangan bang isakripisyo ang kapakanan ng marami para sa pag-unlad ng gahaman?

Naririto ang sigaw ng mga taga-Aurora: "Walang daang matuwid sa APECO!" Bilang Atenista, marahil ang pagsuporta sa karapatan ng mga naaapi at pagkondena sa kultura ng makasariling pagkilos ang nararapat na sundin. Ano ang nangyari sa pagiging "men for others"?





Teatro at Tisa

ni Iman Tagudiña
may ulat nina Donald Bertulfo at Majella Delfin
kuha nina Robin Alindogan Chua, Jame Hurby Landersen Say at Adrian Bigornia
lapat ni Jami Cudala

Nakuha ni Jethro Tenorio ang una niyang theater acting gig noong prep siya, kasama ang mga mascot na sina Susie at Gen. "Nagkaroon ng tour 'yong grupo ng Sustagen sa school namin. Nagkaroon ng palabas, tapos 'yong palabas, kailangan ng volunteers. Sasayaw-sayaw, aarte-arte ng pulubi, ganiyan. Nag-volunteer ako."

Para kay Tenorio, na tagapamagitan (moderator) na ngayon ng Ateneo ENTABLADO, sinusulit niya ang pagiging extraordinaryo sa teatro. "Mahiyain talaga ako," pinabulaanan ni Tenorio. "Kung sino lang ang kaibigan ko sila lang ang kakausapin ko ganiyan. Pero noong magteatro ako, nawala na 'yong hiya ko. Wala na akong bahid ng hiya sa katawan."

Kilala ng mga Atenista si Tenorio bilang pangunahing aktor sa ilan sa mga pagtatanghal ng ENTA, gaya ng pagiging Propesor Tuko sa "Sistema ni Propesor Tuko," at bilang si Pio Valenzuela sa "Sa Kanyang Dapitan." Higit pa rito, kilala si Tenorio bilang guro ng panitikang Filipino at kulturang popular.

Nagtapos sa kursong A.B. Communication si Tenorio sa Ateneo taong 2004, at pagkatapos ng isang taon ay kumuha ng M.A. sa panitikang Filipino. 11 taon na siyang bahagi ng ENTA—tatlong taon bilang undergrad at officer, isang taon bilang aktor, at pitong taon bilang tagapamagitan nito.

PANINIWALA

"Hindi kailanman nalalaman ng isang guro kung hanggang saan niya naiimpluwensiyahan ang mga estudyante niya," ani Tenorio, na mula sa librong "Tuesdays with Morrie" ni Mitch Albom. Para kay Tenorio, minsan hindi pa nga 'yong mismong aralin ang naiiwan sa estudyante kundi iyong mismong mga kuwento niya sa klase.

NOONG NAGTEATRO AKO, NAWALA NA 'YONG HIYA KO. WALA NA AKONG BAHID NG HIYA SA KATAWAN.

"Nakaka-overwhelm 'yong ganoong kapangyarihan ng isang teacher," patuloy pa ni Tenorio. Itinuturing niya na rin itong motibasyon na hangga't maaari, may maiiwan siyang kaisipan sa mga estudyante niya kada semestre.

Kilala si Tenorio para sa masaya nitong paraan ng pagtuturo. Ayon pa sa ilan niyang mga estudyante, hindi nawawalan ng maihihirit ang guro kung kaya't imposibleng makatulog sa klase niya. Naniniwala siya na puwedeng danasin ang pag-aaral sa kawili-wiling paraan. "Same with work, kapag hindi mo ine-enjoy 'yong work, walang papasok." Kaya sinusubukan lagi ni Tenorio na gawing kawili-wili ang bawat sesyon—"Pero siyempre, pinapanatili 'yong balanse. Nag-e-enjoy tayo, pero ito pa rin 'yong mga kailangan nating alalahanin."

PAGTUTURO

Paano nga ba hinahanda ni Tenorio ang sarili para sa isang klase?

"Maraming posibilidad na binubuksan ang panitikan para sa atin," ani Tenorio. Nagtuturo si Tenorio ng FIL 11, FIL 12, at FIL 14—ang tatlong kursong Filipino na itinuturing na core subjects, o kinakailangang kunin ng isang Atenista sa unang dalawang taon niya sa pamantasan. Dalawa sa tatlong kursong ito ang tumatalakay sa panitikan, kung kaya'y mas may lugar para interesanteng talakayin ang mga teksto.

Ani Tenorio, kailangan niyang magtiwala sa materyal na itinuturo niya. "Kailangan kong pumili ng mga interesanteng babasahin. Ang una kong obligasyon: Hanapin 'yong sa tingin ko, papatok sa mga estudyante." Iba-iba ang line-up ng mga babasahin ng bawat guro ng kagawaran, kaya mahalaga para kay Tenorio na isaalang-alang kung kaya rin bang sakyan ng kamalayan ng mga mag-aaral ang itinuturo niya.

Mahalaga rin para kay Tenorio na hindi mapag-iwanan ng kung ano ang patok sa mga estudyante. "Palaki nang palaki ang agwat ko sa mga estudyanteng tinuturuan ko. No'ng unang taon akong nagturo, apat na taon lang ang agwat ko sa kanila." Ngayong nakalipas na taon, namarkahan ang sampung taong agwat ni Tenorio sa batch na tinuturuan niya.

"Medyo mas may effort na ngayong kailangan i-exert pagdating sa pag-a-update sa sarili," aniya, na nakapagbasa na ng *The Hunger Games*, na bumibisita sa 9gag.com araw-araw, na may Twitter at Facebook account. Ine-enjoy ni Tenorio ang paglalaro ng Skyrim at pag-update ng status. "Sa tingin ko, dahil doon, nakakaya ko pa na magbigay ng mga halimbawa sa klase na nasusundan nila, na gets nila."

PAGTATANGHAL

Nagsasalita base sa karanasan si Tenorio nang ipinalarawan sa kaniya ang uri ng guro na ayaw niyang maging: "Ayaw na ayaw ko 'yong kapag pinapanood ko 'yong teacher ko, para siyang nagdedeliver ng rehearsed script. Minsan, hindi niya kayo titingnan, nakatingin siya sa malayo."

Sa katunayan, ginagamit ni Tenorio ang pagiging aktor niya sa entablado upang maging dinamiko sa pagtuturo. Aniya,

"Blessing sa akin na nasa field ako ng theater." Dito na niya nagagamit ang mga teknikal na bagay na natututunan sa teatro: pag-iiba-ibahin ang tono ng boses, ang lakas ng boses at ang pag-adlib. "Magbaon ng mga jokes na relevant doon sa klase."

Dagdag pa niya, ang mga kasanayang natutunan sa teatro ay hindi lamang para doon lamang. "'Yong pagkakaroon ng confidence, 'yong kakayahan mong humarap sa mga tao, mag-improvise, 'yong kakayahan mong maging sensitibo sa paligid mo sa iba't ibang stimulus sa paligid mo—lahat 'yon, exclusively developed sa theater." Pinakamalapit na rito ang pagsasanay sa mga estudyante niya sa pagtatalumpati.

Malalim pa ang pinag-uugatan ng pagmamahal ni Tenorio sa teatro. "Natutunan ko na posible palang hindi tumanda sa teatro. Iba 'yong principle ng theatre, iba 'yong principle ng naglalaro no'ng mga bata tayo. Hangga't nandoon ako sa theater, kaya kong maging bata."

PANITIKAN AT KULTURANG POPULAR

Bakit nga kaya Filipino ang ninais na ituro ni Tenorio?

"No'ng high school ako, ang choices ko talaga ituro, English at Religion," kuwento niya. "No'ng bata naman ako, pangarap ko naman noon maging pari. Ang pangarap naman ng lola ko, maging pope ako. Sumalangit nawa."

Patuloy pa niya, dito na sa kolehiyo siya napamahal sa Filipino. Bilang undergrad, kumuha siya ng mga kursong pangmenor sa panitikang Filipino ngunit nagkulang ng isa. Matapos ang isang taon, kumuha na lamang siya ng master.

"Nakita ko kasi 'yong kahalagahan ng patuloy na pag-aaral ng kultura natin," paliwanag niya. "Ang kultura ang kaluluwa ng isang bayan." Nakikita marahil ng iba ang pag-aaral ng Filipino bilang hindi praktikal, marahil masyadong nagpapakanasyonalista. Ngunit para kay Tenorio, "Kung ano ang tingin ninyo sa panitikan, sa kultura, sa pop culture, sa wika ninyo, ganoon ang tingin ninyo sa mga sarili ninyo. Kung pangkatulong yan, katulong ka rin."

Mahalagang pag-aralan ang kulturang popular dahil sa namamayani pa rin iyong "conyo culture" sa Ateneo. Naroroon pa rin ang distinction ng high arts at low arts, ng conyo at ng jologs.

"Kung kultura ang gusto mong tingnan, kailangan 'yong kultura ng nakararami. At sa Pilipinas, ang kultura ng nakararami ay ang kultura ng masa." Para kay Tenorio, mahalaga ang pop culture dahil, paglabas mo sa Ateneo, wala namang access 'yong masang Pilipino sa mga kuwentong Inception.

Patuloy pa niya, "Saan sila may access? Sa telenovela, sa komiks, sa romansa. Kapag di natin nakita 'yong kahalagahan ng kulturang popular, paglabas mo ng Ateneo, [lilitaw] 'yong distinction ng 'kami' at 'kayo.'"

Hindi man direkta ang epekto ng pagbibili ng mga kuwadernong mga lokal na artista ang pabalat, pero simula na di umano ito. "Gusto kong isipin na sana kahit papaano, at some point in their lives, tumangkilik sila sa pop culture."

Aminado si Tenorio na mas mahirap ituro ang wika dahil sa umuusbong na teknolohiyang abot-kamay ng kabataan. Paliwanag pa niya, "Mas nagiging praktikal 'yong gamit ng wika kaysa rhetorical. Kaysa pagtuunan, halimbawa, 'yong ganda ng wika, nakikita na lang siya bilang isang mechanical medium para magpahayag." Lumalabas na ang punto na lamang ng wika sa teknolohiya ay basta nagkakaintindihan tayo, tapos ang usapan.

Pagdating naman sa panitikan, mayroon ding kaunting pagsubok. Ayon kay Tenorio, mas mahirap gulatin ang estudyante dito sa kolehiyo. "Nanggaling tayo sa [elementarya at high school] na ang hinahanap pa rin ay ang moral of the story." Sa tingin niya, mas nalilito sila ngayon dahil sa exposure ng mga estudyante sa iba't ibang linya ng teknolohiya, na sa murang edad pa lamang nagugulat na sila.

Isang hamon na maituturing kung makakahanap ka ng panitikan na gugulat sa mga estudyante mo. "Humanap ka ng ibang shock value, ng ibang gulat factor. Kasama kasi lagi ng gulat 'yong pakiramdam na 'gusto ko 'yon malaman.' 'Pag nakita mo 'yong mukha ng isang estudyante na 'a, ganoon pala yon!' License 'yon na mahirap i-achieve."

Hiling ni Tenorio na sana dumami pa ang panibagong uri ng panitikan para magpatuloy 'yong ganoon. "Naniniwala ako na strong enough ang gulat para mapuwersa ang tao na matuto. It's a strong enough emotion kaya 'yong tao, namo-motivate na matuto."

PAGTATAYA

Hindi na bago para sa mga mag-aaral ni Tenorio, at maging sa mga nakasama na niya sa entablado, na mahal na mahal niya ang kaniyang ginagawa.

Mensahe niya para sa kaniyang mga estudyante, "Kung mayroon pa akong maidaragdag na gusto kong ma-achieve para sa mga estudyante ko, hindi ko pinapangarap na lahat sila, mag-shift sa panitikang Filipino. Sana, pagka-graduate nila, hindi nila makalimutan 'yong kultura nila."

Marami pang nakabinbing plano si Tenorio: makakuha ng doktorado, makapagsulat ng libro, maka-alter bilang Rafiki sa Broadway. Marami pang dula, at marami pa marahil na henerasyon ng mga estudyanteng magkakaroon ng mga kuwadernong sina Anne Curtis at Jake Cuenca ang nasa pabalat.

"Gusto ko rin namang matapos nang ganito pa rin ang ginagawa, nagtuturo ako at umaarte. Maaga kong natuklasan itong passion ko sa buhay, kung ano 'yong gusto ko talagang gawin. At itinuro 'yon ng Ateneo sa akin." M

Sa panayam ng Matanglawin kay Jethro Tenorio, nagpahayag siya ng ilang mga prinsipyo niya sa buhay. Ang ilan rito ay magagamit ng marami sa atin—sa buhay, sa pag-ibig, sa pag-aaral:

1. "Hangga't wala ka namang tinatapakan na ibang tao, puwede mong gawin kahit na anong gusto mo."
2. "Huwag matakot magmahal."
3. "Ang mahalaga, marunong tayong umasa. Dahil kung minsan, pag-asa na lang ang puwedeng matira sa atin."
4. "Itrato ang bawat karanasan bilang isang pagkakataon na matuto."
5. "Happiness is a choice!"

Tala ng patnugot: Ang seksiyong ito ay isang natatanging bahaging nakalaan para sa kontribusyon ng mga mag-aaral, guro, akademiko, at mga kawani ng Ateneo. Inaanyayahan ng Matanglawin ang sinuman na magpasa. Maaaring ipadala ang kontribusyon sa Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201-202), o i-email sa pamunuan@matanglawin.net.



ni Gabriel Ignacio P. Alejo, Pangulo ng Sanggunian ng mga Mag-aaral
lapat ni Benjhoe Empedrado

Ilang araw matapos rumagasa ang bagyong Sendong sa hilagang Mindanao, minabuti kong pumunta sa Cagayan de Oro upang kumustahin ang mga kaibigan natin mula sa Xavier University-Ateneo de Cagayan. Sila rin ang mga mismong kapuwa Atenista na tumulong sa atin nang dumaan ang bagyong Ondoy dito sa Maynila noong 2009.

Inilahad sa akin ng mga kaibigan ko roon ang hitsura ng siyudad noong umaga pagkatapos ng unos. May mga bahayan na parang winalis ng ilog Cagayan, mga gusaling nagiba, mga sasakyang nakapatong sa mga bubong, at putikang mga kalsada. Bukod dito, may mga taong naghahanap sa mga nawawala nilang kamag-anak, o kaya nama'y humahagulgol dahil sa mga nasawing minamahal sa buhay. Sa mga may bubong na basketball courts naman na nagsilbing evacuation centers, may malaking kakulangan ng mga banyo at palikuran, at nagsimula nang kumalat ang mga sakit. Marami sa mga estudyante mula sa Xavier University ang naapektuhan din, sapagkat maging ang mga naninirahan sa mga subdibisyon ay binaha o kaya nama'y nabagsakan ng mga troso.

Dalawang realisasyon ang tumambad sa akin matapos naming malibot noong araw na iyon ang siyudad ng Cagayan de Oro. Una rito ay ang mas madalas na pagdating ng mga kalamidad dito sa ating bansa tulad ng mga bagyo na, sa aking opinyon, ay mas lumalala ang pinsalang idinudulot. Ikalawa ay ang patuloy na kakulangan ng ating mga kababayan, lalo na ng mga kapus-palad, na maging mas handa sa pagharap ng mga suliraning gaya nito.

Kahirapan at kalikasan, dalawa lamang ito sa maraming importanteng isyu na hinaharap natin ngayon bilang mga Filipino. Gustuhin man natin o hindi,

marami sa pinag-uukulan natin ng pansin ay may kinalaman sa pagtulong sa mga kapos-palad nating mga kapatid na siyang pinakanaaapektuhan ng mga suliraning panlipunan. Isang malaking bahagi rin nito ay ang pagdating ng mga kalamidad na higit nang lumalakas sa bawat hagupit, at ang sinasabing sanhi nito tulad ng polusyon, pagtotroso, pagmimina, at iba pa. Walang pinipili ang mga sakunang ito, maging mayaman man o mahirap. Lahat tayo ay apektado.

Hindi ito lingid sa kaalaman nating mga Atenista. Nagkakaroon tayo ng oportunidad na makita ang mga realidad na ito sa ating mga programang panghubog tulad ng INTACT, NSTP, JEEP at PRAXIS. Kung miyembro ka ng isang organisasyon sa Ateneo, malamang sa hindi ay mayroon kang mga komunidad na binibisita at tinutulungan. Sa katunayan, marami nga sa mga kapuwa nating Atenista ang patuloy na tumutugon sa tawag ng pagsugpo sa mga suliraning ito matapos ang kanilang pag-aaral sa Ateneo. Sa aking paninilbihan bilang isang opisyal ng Sanggunian, nagkaroon ako ng pagkakataong makasalamuha ang mga kapuwa kong Atenista upang kumustahin ang iba't ibang inisyatibong kanilang sinalihan o sinimulan. Sa pagbabalik-tanaw dito, masasabi kong iisa lamang ang mensahe ng marami sa mga kaibigan kong ito: "Kailangan namin ng tulong ninyo."

Nakatuon ako sa tawag na ito sa simula pa lamang ng aking termino bilang Pangulo ng Sanggunian. Ika nga ng ating Pangulong si Padre Villarin, SJ, "Kung ang Ateneo'y magsasalita, ang iba'y makikinig. Subalit kung ang Ateneo'y mananahimik, maririnig ng iba ang katahimikan."

Sa pagkarami-rami ng isyung bumabagabag sa atin ngayon, nasa kamay nating mga mag-aaral ang susi upang matugunan ang mga lumalalang problema. Oo, mahalagang maiparating ang ating mga opinyon sa mga kinauukulan, ngunit maganda rin na may nakahain na tayong suhestiyon at solusyon sa mga ito. Hindi kinakailangan ng engrandeng aksiyon upang mapakinggan ang iyong mga plano. Sa katunayan, ang ilan nga rito ay maaari mo nang simulan sa iyong nasasakupan, o kaya nama'y idulog mo ito sa mga grupo o organisasyong handang gawin ng taos-puso ang iyong plano kasama ka. Ito ang tawag sa atin sa mga panahong ito.

Magandang tingnan muna ang sarili bago ang lahat. Ano ang mga kakayahang maaari mong ipamahagi sa iba? Aling sektor ng lipunan ang nais mong abutan ng tulong? Sa pamamagitan nito'y makikita mo kung handa ka talagang magbigay ng oras at pawis sa isyung gugugulan mo ng panahon.

SA PAGKARAMI-RAMI NG ISYUNG BUMABAGABAG SA ATIN NGAYON, NASA KAMAY NATING MGA MAG-AARAL ANG SUSI UPANG MATUGUNAN ANG MGA LUMALALANG PROBLEMA. OO, MAHALAGANG MAIPARATING ANG ATING MGA OPINYON SA MGA KINAUUKULAN, NGUNIT MAGANDA RIN NA MAY NAKAHAIN NA TAYONG SUHESTIYON AT SOLUSYON SA MGA ITO.

Pagkatapos, tingnan mo naman kung sino ang mga indibidwal o grupo na maaaring lapitan nang sa gayon ay matulungan ka sa iyong ipinaglalaban. Maaari kang sumali sa iba pang mga organisasyon sa Ateneo sapagkat mayroon nang mga grupong tumutugon sa ibang mga isyu. Kailangan mo na lamang talagang hanapin kung ano-ano ang mga ito. Bilang tugon din sa tawag ng panahon, binibigyan ng Sanggunian ng mataas na priyoridad ngayong taon ang mga inisyatibong nakatuon sa pagsagot sa mga suliranin sa pamamagitan ng sariling kakayahan ng mismong mga Atenista. Maraming mga institusyon at organisasyong nais makipagtulungan sa Sanggunian upang maisakatuparan ang mga proyektong naglalayong solusyunan ang ilan sa mga problemang pangkomunidad at panlipunan. Makasisiguro ang mga Atenista na may makikinig sa kanila, na hindi sila nag-iisa sa pagsulong sa inisyatibong nais nilang gawin.

Mayroon din namang mga paraan ng pagtulong sa bayan at pagsugpo sa mga problemang nailahad sa pamamagitan ng sariling pagpupursigi. Bilang mga mamamayan, mayroon tayong mga tungkulin na hindi natin dapat malimutan. Isa rito ay ang pagboto tuwing eleksiyon.

Ang susunod na halalan ay sa darating na ika-13 ng Mayo sa susunod na taon, at lahat ng Filipinong edad 18 pataas sa araw na iyon ay puwede nang bumoto. Ibig sabihin, marami sa ating mga Atenista ang may pagkakataon upang magluklok sa puwesto ng mga lider na sa tingin nila ay tunay na bibigyang pansin ang mga suliraning kinakaharap ng ating bansa at ng mga komunidad ngayon. Kung kasali ka rito, magparehistro na sa lalong madaling panahon sa opisina ng COMELEC. Tutulungan ka rin ng Sanggunian sa prosesong ito sa pamamagitan ng Ateneo Task Force 2013, kaya't sana ay kunin mo na ang oportunidad na makilahok sa darating na halalan.

Ilan lamang ito sa mga paraan upang tumugon sa hamon sa atin bilang mga Atenista at bilang mga Filipino. Kung susumahin, ang tawag sa atin ay isang tawag na maging aktibo sa pakikilahok sa anumang isyu o realidad na bumabagabag sa atin. Maaaring ito ay may kinalaman sa pagkasira ng kalikasan at mga epekto nito sa atin, o kaya nama'y ang lumalalang sitwasyon ng kahirapan sa bansa. Maaaring mag-iba pa ang mga ito, ngunit ang mahalaga ay mayroon kang isyung binibigyang importansiya.

Ito ang tawag sa atin. Hindi ito isang tawag upang magmukmok at mag-alburoto sa dami ng suliraning hinaharap natin. Sa halip, isa itong tawag na makialam at makisangkot sa mga isyu, at mag-isip ng mga solusyong kaya nating gawin at panindigan.

Tara na't isabuhay ang diwa ng Atenistang aktibista.

titik ni Manuel Mendoza
likhang-sining ni Iza Jonota
lapat ni Jami Cudala

Bata, Bata Paano Ka Mag-isip?

Naglalaro sa kalsada si Dodong
Ng patintero sa mga sasakyan at
Taguan sa ilalim ng buwan, palayo sa mga pulis
Na nakikipaghabulan at nakikipag-agawan ng bag.
Makapag-uwi lang ng kakarampot na barya
Sa dalawa niyang kapatid na
Kasama niya sa paglalaro ng bahay-bahayan
Siya ang tatay, si Inday ang tagaalaga
Sa bunsong si Berto
Natutulog kahit saan, at kung walang-wala
nagluluto-lutuan ng mga pagkain sa basurahan.
Habang si Nena na 'sing bata ni Inday, nagsasabing
Uncle, Auntie gusto ko ng manika
Mommy, Daddy gusto ko ng bahay
Lahat ng gusto ko kahit di ko kailangan ay
Susundin ninyo
kung magkamali ay iiyak ako.



Isang Araw sa Lansangan

ni Steve Kevin Solis

Si Madungis

Iniabot mo ang bayad
para sa biniling
ilang tali ng sampaguita
mula kay Madungis

Umaasa kang maitatawid
ng sampung piso
ng ilan pang minuto
ang buhay niya para makapagtinda muli.

Si Pilantod

Isinubo mo ang Storck
pinasindihan ang yosi
saka inabot ang dos
bilang bayad kay Pilantod.

Umaasa kang
maigagapang ng dos
ang kanyang pakikipagpatintero
sa humaharurot na mga dyipni sa EDSA
– habang bali ang kaliwang paa.

Si Bulag

Huwag kang mabigla sa kiliti
habang naiidlip sa dyipni
mahirap ang pagyukod at pagpunas
sa putikan mong sapatos

Umaasa si Bulag
Sa limos na iaabot
para muling maliwanagan
at malamanan ang sikmurang kumakalam.

Si Pipi

Kumatok si Pipi
sa bintana ng makintab mong Ferrari
upang manlimos
ng pantawid gutom sa tanghaling iyon

Nagpaka-pipi ka rin
at galit na sumenyas
upang umalis sa paningin
Takot madungisan ang Ferraring sasakyan.

--
Para sa mga batang lansangang inaapi
at nagpapaapi sa lipunan.

Amnesiac

ni Ray John Santiago

Kailangan ko ng pills
Brain Pills pre
Nakakalimutan ko
Kasi ang mga bagay-bagay
Tulad ng Physics Homework
Math Long test
English Oral Recitation
O ‘yong Reading Project sa Lit
Nakalimutan ko ‘yong wallet ko
‘Yong susi ng bahay
Pakainin si Bantay
Nakalimutan ko ‘yong “History”
-Book
Nakalimutan ko ‘yong isyu sa Araling Panlipunan
Nakalimutan ko ‘yong “M”
Sa “assacre”
‘Yong “M”
Sa “aguindanao”
‘Yong “O” sa
“Ang pangit pala ng sewer system ng Maynila buwisit na
ndoy yan”

‘Yong “K”
Sa “orupsiyon”
‘Yong “Journalist”
Sa “Missing in action”
‘Yong nawawalang
“body parts”
‘Yong “K”
Sa Extra Judicial “illings”
P’re lumalala na

Nakalimutan ko ‘yong “K”
Sa “ultura”
Sa “asaysayan”
Teka, meron ba tayo noon?

Nakalimutan ko ‘yong “B”
Sa “ayan”
Nakalimutan ko ‘yong “A”
Sa “rroyo”
Sa “mpatuan”
Sa “rt”
Sa “ko”

Nakalimutan ko yung “O”
Sa “Ak”

‘Yong “S”
Sa “ariling Atin”
Nakalimutan ko
Ako

Sino?

'TENISTA NGA

NI BENKAYB

Ermergerd! Ang ferosh ng LV boots ko. I lerv it! Pang Atenista's Next Top Model Storm Edition ang peg ko!

teh gurl, tumigil na ulan!

OMG. I'm an innocent freshie. I think she's someone to look up to!

Come on pare. Dude, let's be magis . Kahit hasel sa masel pare Let's make sulong sa baha. Dude, hu knows, baka bigyan pa tayo ng plus ni sir sa LT!

WOOHOOOOH! Suspend na classes from 5 pm onwards! To CANTINA!

#!%@*#! Eh ba't ngayon lang nagsuspend? Kung kailan I'm having a good time with my BF na. this sucks!

Boyfie! Not even this supension can take my love away from you!

Hey sweetie! Tulog ka na muna, gising ka na lang nang 3 am.

#TigasArneohw
#PogiSiDocVergasha
#PnoyVsDocVergasha

Nagsuspend na lahat, Arneohw di pa rin. Tss.. please suspend class, ayoko na magreview



matanglawin.net